# Pagpapakahulugan sa Konsepto ng Kalooban sa Kongregasyon ng Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM)

**MARVIN RAEL TENECIO**
mrtenecio@up.edu.ph
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**ABSTRAK**

Bagaman malaon nang pinapakahulugan ng mga iskolar ang konsepto ng kalooban sa lipunang Pilipino, nangangailangan pa ring mapatingkad ito sa konteksto ng mga relihiyosong institusyon sa Pilipinas. Esensiyal ang usapin ng kalooban sa konteksto ng espiritwalidad, sapagkat lumilikha ito ng mga serye ng kaisipan at kulturang tumutungo o umuugnay sa Diyos. Nagsisilbing lunsaran ito ng etika, batas, o moralidad ng iba't ibang grupo ng mananampalataya sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Sa ganitong tulak, nahuhubog ang partikularidad sa paggamit sa kalooban bílang ugnayan sa Diyos sa konteksto ng relihiyosong institusyon.

Sinuri sa pananaliksik ang iba't ibang pagpapakahulugan sa konsepto ng kalooban sa kongregasyon ng JMCIM at tinalakay rin kung paano nakapag-aambag ang espiritwalidad ng mga kasapi sa paglawig ng konsepto ng kalooban bílang ugnayan sa Diyos; at maging sa kanilang praktis, etika, at pananampalataya. Gamit ang pamamaraan ng obserbasyon, pakikipanayam, pangangalap ng mga pag-aaral ng salita ng Diyos, patotoo at mga awitin, lumitaw sa pag-aaral na malaki ang ginagampanan ng isang grupo ng relihiyon o kongregasyon gaya ng JMCIM sa paglikha at pagyabong ng mga natatanging katangian ng konsepto ng kalooban.

Natunghayan sa pananaliksik ang mga konsepto o usaping kaugnay sa kalooban sa kongregasyon ng JMCIM at sa kabuuang diskurso ng mga kasapi nito hinggil sa paggamit ng konseptong ito sa kanilang praktis bílang isang grupo ng mga mananampalataya.

**Mga Susing Termino:** kalooban, relihiyon, loob, pananampalataya, JMCIM

***ABSTRACT***

*Although scholars have long investigated the concept of kalooban in Philippine society, it still needs to be examined in the context of religious institutions in the Philippines. The discussion on the kalooban is essential in spirituality because it creates a series of thoughts and cultures that lead to or relate to God. It serves as a foundation for the ethics, law, or morality of different groups of believers in their daily lives. The milieu of the religious institution shapes the particularity of the exercise of the kalooban as a relationship with God in this approach.*

*The research examined the different interpretations of the concept of kalooban in the congregation of JMCIM and analyzed how the members' spirituality contributed to the expansion of this cultural concept as a relationship with God; this can also be seen in their practices, ethics, and faith. Using the methods of observation, interviews, gathering studies of their word of God, testimonies, and songs, it appeared in the study that a religious group or congregation like JMCIM plays a pivotal role in creating the peculiar characteristics of the concept of kalooban. Likewise, this research investigated the concepts or issues related to the kalooban in the JMCIM congregation and the total discourse of its members regarding the use of this concept in their practice as a group of believers.*



***Keywords:*** *Kalooban, religion, loob, faith, JMCIM*


## RASYONAL

Matagal nang idinidiskurso ang konsepto ng 'loob' bílang paksa sa domeyn ng Philippine Studies. Sa katunayan, may mga ginawa nang pag-aaral hinggil sa kung paano ito kumikilos at tumatalab sa mga tao sa konteksto ng lipunang Pilipino. Ang pagdiskurso sa 'loob' gámit ang iba't ibang lente ay maituturing na isang mahalagang hakbang sa pagpapalawak at pagpapalalim pa hinggil sa patuloy na pagbubuo sa konsepto nito.

Sa maraming pag-aaral, ang loob ay tumutulay sa konsepto ng kalooban na madalas inilalapat sa mga diskursong may kaugnayan sa relihiyon at relihiyosidad. Sa ganitong pagtingin, maaaring may ipahiwatig ang kalooban hinggil sa pananampalataya ng mga Pilipino at maging sa estado ng kanilang paniniwala. Hindi ito naiiba sa mga kaisipang nailatag ng mga iskolar ukol sa kung paano naibubukas o naiiugnay ang konsepto ng kalooban sa pagluwal ng moralidad na siyang nakaangkla sa relihiyosidad, kamalayan, at kultural na oryentasyon ng mga Pilipino.

Sa ganitong tulak, maaaring masuri ang pagpapakahulugan hinggil sa konsepto ng kalooban ng Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM).[1] Isang hakbang ito upang makapag-ambag sa mga pananaliksik hinggil sa kalooban na nakalapat sa pag-aaral ng relihiyon, na tinitingnang mga lehitimong paksa sa ilalim ng programang Philippine Studies ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP). Sa katunayan, wala pang nag-aral sa konsepto ng kalooban sa kongregasyon ng JMCIM, kung saan madalas nagagamit ng mga kasapi nito ang naturang konsepto.

## LAYUNIN

<u>Pangkalahatang layunin</u>:

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral ay masuri ang konsepto ng kalooban sa kongregasyon ng JMCIM.

<u>Mga tiyak na layunin:</u>

1) Matalakay ang iba't ibang pagpapakahulugan sa konsepto ng kalooban.

[1] JMCIM na lámang ang gagamitin sa susunod na pagtukoy sa kongregasyon.

2) Maipakilala ang kongregasyon ng JMCIM.
3) Masuri ang mga pagpapakahulugan hinggil sa konsepto ng kalooban sa kongregasyon ng JMCIM.

## METODOLOHIYA

Nakasandig sa kalitatibong pananaliksik ang pag-aaral, kung kayâ ang tatlong mahahalagang metodong ginamit sa paglikom ng mga datos ay mula sa mga artikulo o libro (*publications*), pagtatanong-tanong (*interview*) at mismong pagmamasid sa isang grupo tulad ng JMCIM (*observation*) ay maaaring *Triangulation*. Isinagawa ang nasabing pananaliksik mula Agosto hanggang Disyembre 2020.

Gamit ang balangkas ng "loob" ni Alejo (2018), sinuri ng mananaliksik kung ano ang naiisip, nararamdaman at kung paano nagpapasya ang mga kasapi ng JMCIM sa sandaling dinidiskurso ang konsepto ng kalooban sa pamamagitan ng kanilang mga aral at patotoo upang mas magkaroon pa ng malawak na kaalaman ukol sa mga pagpapakahulugan ng kalooban.

Para sa metodong pagtatanong-tanong, may pinadalang sulat ang mananaliksik sa dalawang (2) mangangaral at labindalawang (12) ordinaryong kasapi ng kongregasyon upang maiskedyul ang pakikipanayam. Ang pagpili sa mga ordinaryong kasapi ay ibinatay sa mahigit sampung taon nila sa pagiging kasapi ng nasabing kongregasyon, na maituturing nang may malawak na kaalaman at karanasan sa diskurso at gámit ng kalooban sa konteksto ng JMCIM. Ipinaalam ng mananaliksik sa kanila ang paksa ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagpapahatid ng mga serye ng tanong upang maging mabilis at produktibo ang pakikipanayam.

Magkaiba ang mga tanong sa mga ordinaryong kasapi at sa mga mangangaral, dahil iba ang kanilang sentimyento at antas ng kaalaman hinggil sa paksa. Ang katanungan sa mga ordinaryong kasapi ay násа anyong *open-ended* upang mas malayang makasagot ang mga kalahok hinggil sa paksa. Samantala, mas detalyado ang mga tanong sa ikalawang bahagi ng pakikipanayam sa mga mangangaral upang mas maunawaan at maugat ang kalikasan, kaligiran, at mga paniniwalang nakaangkla sa konsepto ng kalooban sa kanilang kongregasyon.

Tinalakay ang pagsusuri hinggil sa diskurso ng kalooban sa kongregasyon ng JMCIM sa paraang *thematic* upang mas maunawaan ang mga tumingkad na mga usapin kaugnay nito. Mula sa labindalawang (12) patotoo o aral ng ilang kasapi ng JMCIM, napalitaw at napalutang ng mananaliksik ang mga nabuong tema patungkol sa pagpapakahulugan ng kalooban.

## TEORETIKAL NA BATAYAN


Sisidlan ng diwang Pilipino ang konsepto ng "loob". Binubuo ito ng katutubong kamalayan, pag-iisip, gunita, karanasan, damdamin, o pakiramdam. Dahil sa nakalapat ang konsepto nito sa konteksto ng lipunang Pilipino, mas mauunawaan ito gámit ang kulturang Pilipino. Umuugnay ang loob sa paligid ng tao sa pamamagitan ng pakikisangkot sa kapuwa, bagay-bagay, lipunan, kalikasan, at Diyos; upang maging ganap, aktibo, at makabuluhan ito. (Alejo, 2018).

Nahahati sa tatlong balangkas ang loob; ábot-maláy, ábot-dama, at ábot-káya. Ang katutubong kamalayan, pag-iisip, alaala, at gunita ay siyang lumilikha sa ábot-maláy. Samantalang ang karanasan, pakiramdam, at damdamin ang bumubuo sa ábot-dama. Habang maituturing na isang aktibong ahente na responsable sa pagpapasya, pagbubuo ng loob, at pananagutan ang ábot-káya. Sa tatlong balangkas na nabanggit, ang ábot-maláy at ábot-dama ang nagsisilbing imbakan ng kamalayan, karanasan, at damdamin ng tao at napupunan ito sa tuwing ang loob ay nakikisangkot at umuugnay sa kanyang paligid. Batayan din ang ábot-maláy at ábot-dama ang ábot-káya sa kung paano tutugon at kikilos ang loob. Samantala, magiging ganap lámang ang loob kung nása antas na ito ng ábot-káya, sapagkat sa kategoryang ito makikita ang resulta ng pakikisangkot ng ábot-maláy at ábot-dama ng loob sa kanyang paligid.

Sa patuloy na ugnayang ito, napupunan ang ábot-maláy at ábot-dama na siyang magiging batayan ng tao upang tumugon sa kanyang kapuwa o sa sinumang táong pinahahalagahan niya. Ang prosesong ito ng loob ang magsisilbing basehan sa pag-unawa sa sistema ng ugnayan, na kinasasangkutan ng

loob ng tao at kanyang paligid upang pag-ibayuhin pa ang kanilang pag-iisang-loob habang sila ay nabubuhay sa daigdig.

Sa antas ng ábot-káya kumikilos ang loob ayon sa ábot-maláy at ábot-dama. Kung gayon, nakadepende sa ábot-maláy at ábot-dama sa kung paano kikilos o tutugon ang ábot-káya. Halimbawa, kapag nasaksihan ng isang mag-aaral ang mga magsasakang pinagkaitan ng karapatan sa lupa at karapatang pantao ng malalaking kompanya, magkakaroon ito ng epekto sa kanya. Ang pangyayaring ito ay titimo kinalaunan sa ábot-maláy at ábot-dama ng mag aaral. Kahit hindi niya kamag-anak ang mga magsasakang nakita niya, dama niya at sariwa sa kanyang alaala ang kanilang pagdadalamhati at paghihirap sa sitwasyong iyon, dahil sa ito ay nanahan na sa kanyang ábot-maláy at ábot-dama. Buhat sa pangyayaring ito, ang ábot-maláy at ábot-dama ng mag-aaral ay magreresulta sa kanyang ábot-káya upang tumugon sa panawagan na ipagtanggol ang karapatan ng mga naturang magsasaka. Makikiisa siya sa mga organisasyon o mobilisasyon na mangangalaga sa kanilang karapatan, kultura, at kabuhayan. Gayundin, makikibaka siya sa repormang agraryo para sa mga magsasaka.




**TSART 1** –Ang Balangkas ng Loob (Alejo 2018)

## DATOS AT PAGSUSURI

### I. Pagpapakahulugan sa Kalooban

### A. Ang Etimolohiya at Denotatibong Kahulugan ng Kalooban

Nararapat na bigyang-pansin na ang kalooban ay nabuo mula sa mga panlaping 'ka' at 'an,' at ang salitang ugat na 'loob.' Ang unlaping ka- ay nagpapahiwatig ng kasama, kasosyo, kapuwa, kapareha; isang ugnayan ng pagiging kasapi tulad ng kaanib. Ang hulaping an- ay tumutukoy naman sa maramihan o higit pa sa isang tao (Capaque, 2007).

Habang ang salitang ugat na 'loob' mula sa salitang kalooban ay bumabalangkas sa intelektuwal, emosyon, etikal, at *volitional* o ang kilos bílang resulta ng desisyon o pagpili (Mercado, 1972). Ang intelektuwal ay sumasaklaw sa pagkakaloob, saloobin, at saloob. Samantalang ang emosyon ay nagsasaad ng malakas ang loob, buong-buo ang loob, at laki ng loob. Ang utang na loob naman ay pinakahulugan bílang bahagi ng etika. At ang hulí ay volitional, na tumatalakay sa usapin na sundin ang loob, loobin, kusang-loob, mahulog ang loob, at buong-loob o taos-puso.

Samantala, isang pangngalan ang kalooban na tumutukoy sa kabuuang kapangyarihan o ugali na umiiral sa mga gawaing tulad ng pagpilì, paglulunggati, pagmimithi, pangangarap, at ang pagkilos tungo sa katuparan ng mga nabanggit. May kaugnayan din ang konseptong ito ng kalooban sa pinakamalalim at pinakapusod ng loob ng tao (Almario, 2015).

Madalas ikinakabit ang kalooban sa mga konseptong may salitang-ugat na loob, tulad ng kalooban, kaloob-looban, magkaloob, pinagkalooban, pangloloob, pangloob, kaloob, looban (San Antonio, 1624); at saloobin (Panganiban, 1972). Hawig din ito sa kalooban, kaloob-looban, at loob ng tao (Komisyon sa Wikang Filipino, 2003).

Ipinaliwanag ni Alejo (1990; 2018) na ang loob ay hindi lámang pumapatungkol sa interyor o *'inside'* sa wikang Ingles, bagkus inilarawan niya ang loob bílang isang salitang-ugat na naglalayong bumuo ng mga konseptong nakaangkla sa lipunang Pilipino. Gayundin, tinalakay niya ang balangkas ng loob na binubuo ng ábot-maláy, ábot-dama, at ábot-káya. Lubusang mauunawaan ang mga kategorya nito ng loob kung titingnan ito mula sa loob patungo sa paligid nito.

Iba naman ang pananaw ni Reyes (2012) hinggil dito. Naniniwala siyang mas mauuna pang makita ng paligid ng loob o kapuwa ang loob ng tao kaysa sa kanilang sarili. Mas tiningnan din ni Reyes ang katangian ng loob bílang walang pribadong wika—ang loob ay laging para sa publiko.

Habang mas pinalalim ni Lanaria (2014) ang konsepto ng loob. Para sa kanya, ang loob ay isang bukal na salita na may paglubog sa danas ng mga Pilipino. Dagdag pa niya, ang estado ng loob ng isang tao ay nakaaapekto rin sa labas ng kanyang mundo dahilan ng pagiging holistiko ng konsepto nito.

Bagama't masasabing sisidlan ng kamalayan, pag-iisip at damdamin ng tao ang loob (Alejo, 2018), nananatiling bukás ang iskolarsip sa pagdiskuro ng konteksto nito hinggil sa kung paano hinuhubog at nababago ang loob ng kanyang paligid.

Hindi nalalayo ang denotatibong kahulugan ng kalooban bílang ugali, desisyon, mithiin, emosyon, kamalayan, at karanasan ng tao sa mismong etimolohiya nito, na tumutukoy sa ugnayan ng loob ng tao sa kanyang kapuwa o kasama, na parehong lumalahok sa pagdedesisyon at lumilikha sa kanilang mga kamalayan bílang sisidlan ng kalooban. Sa madaling salita, ang pagtatalakay sa konsepto ng loob ay tumutungo sa usapin ng relasyon nito sa kapuwa.

Nilinaw ni Miranda (1989) na kailangan ng loob ang kapuwa upang maging 'loob' o ganap na loob ito. Sa madaling sabi, pinatutunayan ng ugnayang loob-kapuwa ang usapin ng *intersubjectivity* at pakikiisa. Isang kondisyon para sa sariling pag-iral at pagiging awtentiko ng loob ang patuloy na pagtugon nito sa kapuwa. Sa katunayan, sinusugan ni Reyes (2015) na ang loob ng tao ay higit na mauunawan hindi sa pamamagitan ng pagmumuni, ngunit sa proseso ng pamumuhay na may kaugnayan sa iba. Ang likás na katangian ng loob na umugnay sa iba ang nagpapalawak sa sistema ng kanyang daigdig.

### B. Ang Kalooban sa Ilang Wika sa Pilipinas

Ang loob bílang kalooban ay may mayamang pagpapakahulugan din sa iba't ibang wika ng Pilipinas, tulad ng loob sa

konteksto ng 'kapuwa' ng kulturang Tagalog, 'nakem' sa konteksto ng "naimbag a nakem" o kabutihang-asal ng kulturang Ilokano, at 'buot' sa konteksto ng "utang na buot" o utang na loob ng kulturang Bikolano.

Sa wikang Tagalog, ang loob ay tumutukoy sa kalooban, estado ng pag-iisip, at kamalayan ng tao (Panganiban, 1972). Ang kahulugan at kalikasang ito ng loob ay nagiging buo sa tuwing ikinakabit sa usapin hinggil sa ugnayan sa kapuwa (Alejo, 2018). Samakatwid, ang konsepto ng loob ay hindi lámang literal na tumutukoy sa *inside* o loob ng tao, bagkus may pagdidiin din ito sa kamalayan at emosyon ng tao sa konteksto ng kanyang kapuwa. Kaugnay ang kalooban, estado ng pag-iisip, at kamalayan ng tao sa konsepto ng loob bílang bumubuo sa sariling pagkatao.

Samantala, ang konsepto ng 'nakem' ay mas napapalawig sa konteksto ng 'naimbag a nakem,' isang katutubong pagpapahayag mula sa pananaw at karanasan ng kulturang Ilokano, partikular sa moral, kultural, at politikal na mga aspekto ng búhay (Bueno, 2010). Ang salitang 'nakem' din ay tumutukoy sa kalooban, kaisipan, kritikal na kamalayan, magandang katwiran, at moral na istandard sa kulturang Ilokano (Agcaoli, 2011). Ang naturang kahulugang ito ay karaniwang makikita sa ekspresyon ng mga Ilokano na may pagdidiin sa kalikasan ng dalawang salita; imbag at nakem. Ang 'imbag' ay nangangahulugang isang positibong pananaw na sumasaklaw sa impresyon ng kabutihan.

Lápit ang diskurso ng nakem bílang daluyan ng kabutihang-asal sa pag aaral ng konsepto ng buot sa konteksto ng pagpapahayag ng 'utang na buot,' ang katumbas ng utang na loob sa Bikol (Loquias, 2019). Ang buot ay tumutukoy sa kamalayan o persepsiyon ng tao (Panganiban, 1972). Ang kahulugang ito ng buot ay pinalawig ni Loquias sa konteksto ng 'utang na buot' na laging nakaugnay sa konsepto ng 'atang kan buot' (kaloob ng sarili). Madalas, ang utang na buot at atang kan buot ay siyang bumubuo sa mataas na antas ng pasasalamat na nakapaloob sa salitang 'Dyos Mabalos' na maihahalintulad sa 'mabalos' na nangangahulugang salamat. Subalit mas nakapaloob ang konsepto ng utang na loob sa salitang 'Dyos mabalos' sa tuwing ito ay ipinapahayag sa kanyang kapuwa na ikinakabit naman sa pagpapalang ipagkakaloob ng Diyos sa mga may mabubuting-loob.

Ang tatlong ito na umuugnay sa konsepto at kalikasan ng kalooban ay may pagsasaysay sa magandang relasyon sa kanilang mga kapuwa. Patunay lámang ito na ang buot-loob-nakem ay nagsasaad ng mga komon na karanasan, paniniwala, at pagpapahalaga sa ilang etnolingguwistikong grupo sa Pilipinas.

### C. Ang Kalooban Bilang Bahagi ng Loob

Ang holistikong pagtingin ng mga Pilipino sa kanilang sarili o loob ay makikita sa tatlong ekspresyon o pagpapahayag: katawan, kaluluwa, at espiritu (Mercado, 1972). Ang katawan ay sisidlan ng kalooban; nangangahulugang walang kalooban kung walang katawan. Ang kaluluwa ay lalim ng kalooban; nakapaloob sa kaluluwa ang konsepto ng kamalayan. Habang ang espiritu ay lagusan ng loob tungo sa loob ng kapuwa o ibang nilalang. Ang esipiritu ay umuugnay sa mismong daigdig, sapagkat likás sa loob ng tao na umugnay sa mundong kanyang ginagalawan. Ibig sabihin, hindi mabubuo ang mga balangkas ng kalooban ng isang tao kung walang magaganap na pakikipag-ugnay, pakikipagkapuwa, at pakikiisang-loob sa mga táong nakapaligid sa kanya.

Sa usapin ng kilos at gámit ng tatlong pagpapahayag na nabanggit, ang kalooban ay tumitimo sa kaluluwa at espiritu ng tao; habang ang manipestasyon at ekspresyon nito ay makikita sa kanyang katawan. Ang ugnayan sa pagitan ng katawan, kaluluwa, at espiritu ay siyang nagpapatibay sa katutubong konsepto ng kalooban bílang holistiko. Sa madaling salita, ang kalooban ay nananahan sa katawan, kaluluwa, at espiritu (Mercado, 1975). At mula sa tatlong pagpapahayag ng sarili o loob, mas matingkad at litaw sa kaluluwa at espiritu ang kalakhang kalikasan ng kalooban ng tao, sapagkat dito nagsisimulang mabuo ang kanyang pag-uugnay sa kapuwa batay sa kanyang kamalayan at karanasan.

Makikita ang manipestasyon ng kalooban sa loob ng tao kung ang tao at kanyang kapuwa ay nása mataas na ng antas ng pakikipag-ugnay; sa pamamagitan nito, mainam na maibabahagi ng loob ng tao sa kanyang kapuwa ang pag-unawa niya sa mundong nakapaligid. Sa madaling salita, malayang papapasukin ng tao ang kapuwa patungo sa kanyang loob. At kinalaunan, sabay nilang mauunawaan ang isa't isa. Sa pamamagitan ng ugnayan at

pagbabahagian ng mga loob, ang kalooban ay lubusang mauunawaan at ang pagbuo ng pagkatao ng loob ay magiging ganap (Capaque, 2007).

Samantala, sa pagdidiskurso ng loob-kapuwa, hindi maiiwasang lumitaw ang konsepto ng kagandahang-loob bílang isang 'produkto' ng ugnayan ng dalawa. Tinukoy ni Enriquez (1992) ang kagandahang-loob bílang isa sa mga pagpapahalagang Pilipino na lumilikha sa balangkas ng pagkataong Pilipino. Sa kanyang pagpapaliwanag, binanggit niya na ang pakikikapagkapuwa ay dimensiyon ng loob-labas bílang dalawang katangian ng kagandahang-loob. Hindi nalalayo ang kalooban bílang lunsaran ng pakikipag-ugnay sa balangkas ng kalooban bílang sisidlan ng mga emosyon at katwiran na tumutulong sa tao na makilala ang kanyang sarili na may kaugnayan sa kanyang kapuwa, sa mga bagay, idea, kaganapan, o aksiyon; at upang maunawaan din kung ano ang kahulugan ng mga relasyon na ito sa kanya. Binubuo ng málay, dama, at ugali ang kalooban. Ang málay ay tumutukoy sa pag-iisip ng tao, samantalang ang dama ay tumutukoy sa emosyon ng tao. Habang ang ugali ay tumututukoy sa kung paano nakikisangkot at tumutugon ang tao sa kanyang kapuwa (Jocano, 1998).

Madalas, ang ugnayan ng kalooban at kapuwa ay nauugnay sa pagpapahalaga, katwiran, at paniniwala ng tao na siyang bumubuo sa *within-ness* o *inner-ness*, isang pundasyon ng diwa. Ang halagang inilalagay ng tao sa *within-ness* o *inner-ness* ay mas makikita pa sa mga konseptong may salitang-ugat na loob, tulad ng mabuting-loob, tibay ng loob, mababang loob, bukás na loob, kaloob-looban, at marami pang ibang mga salitang nagpapakita kung gaanong nakasentro ang bokabularyo ng mga Pilipino hinggil sa panloob na sarili. Likás sa tao na panatilihing buháy at dalisay ang kanilang panloob. Habang ang kalooban o panloob na sarili ay may malaking kakayahan na magtanggal ng mga paghihirap, dalamhati, at pagdurusa na nagbibigay-daan sa tao upang magtiis sa mga kamalasan, natural na kalamidad, at maging sa pandemya (Tayag, 2020). Matiyagang tatanggapin ng tao ang lahat at titiisin ang hirap ng kanyang sinapit. At sa hulí, isasaloob na lámang niya ito, dahil naniniwala siyang may magandang dahilan ang lahat ng bagay na nangyari sa kanya.

## D. Ang Kalooban Bilang Salalayan ng Etika

Inakma ni Kant[2] ang kalooban sa usapin ng etika na ang prinsipyo ng isang kilos ay mabuti kung ito ay naaayon sa mabuting kalooban ng Diyos, at masama naman kung hindi (Mabaquiao, 2006). Halimbawa, ipagpalagay na ginawa ng isang tao ang kilos nang may pagpapahalaga at pagmamahal sa kanyang kapuwa bílang pagtalima sa utos o batas ng Diyos na nagsasaad na huwag magbibintang o magsisinungaling sa kapuwa. Kung ituturing na mabuti ang batas na ito, mabuti rin ang kilos na ginawa bílang pagsunod dito. Kaugnay nito, ang prinsipyo ng etika ay mabuti kung ito ay nagpapalakas sa tao upang magpatuloy na mabuhay, at masama naman kung hindi. Mula sa talakayan sa pagitan ng mabuti at masama hinggil sa prinsipyo ng etika, titingkad ang usapin ukol sa pagkakaroon ng mabuting kalooban bílang isang pamantayan o batayan sa prinsipyo ng etika, sapagkat dito nagsisimula kung paano tutugon at mabubuhay ang tao na ugnay sa kanyang kapuwa o sa mga táong nása paligid niya (Paton, 1948; Mabaquiao, 2006).

Bagama't laganap ang maraming pamantayan at batas hinggil sa usapin ng etika sa isang partikular na lipunan, hindi sa lahat ng oras ay magagawa nitong limitahan ang likás na katangian ng kalooban ng tao na maging malaya mula sa mga pamantayang ito. Ibig sabihin, may kalayaan pa rin ang tao na piliin ang ninanais na batayang etikal. Ang malayang pagpili sa batayang etikal ay nakadepende sa kalooban ng tao na siyang magbibigay sa kanya ng kakayahang kumilos nang malaya. Halimbawa na lámang ang mga patakarang isinusulong ng ilang paaralan na nag-oobliga sa mga estudyanteng tumayo sa kinauupuan sa tuwing may ibabahagi sa klase;

[2] Si Immanuel Kant ang gumawa ng isang sistematikong pagsusuri sa pamantayan ng sukdulang prinsipyo ng etika. Para sa kanya, ang sukdulang prinsipyong ito ay nakapaloob sa konsepto ng *will* na ginagamit ng tao bílang batayan ng kanyang paghuhusgang etikal. Pinakahulugan niya na ang *will* ng tao bílang kakayahan ng tao na kumilos nang naaayon sa kanyang kinikilalang prinsipyo o batas. Mula dito, papasok ang konsepto ng kalayaan hinggil sa pagpili ng tao sa ninanais na batayang etikal. Bagama't may kalayaan ang tao sa pagpili nito, may mga limitasyon pa ring kaakibat ito, sapagkat ang mga tao ay saklaw ng isang makapangyarihang sistema, gaya ng pamahalaan at iba pang mga institusyon na lumilikha ng matibay na pamantayan sa paghusga ng isang partikular na kilos bílang mabuti o masama.

at ang magpaalam sa kani-kanilang guro bago pumunta sa palikuran bilang pagpapakita ng paggalang. Gayunman, may ilang paaralang naniniwalang hindi lámang sa mga nabanggit na kilos maipapakita ang paggalang sa kapuwa, bagkus makikita rin ito sa paraan ng pananalita at kung paano tumutugon ang estudyante sa kanyang kapuwa estudyante at maging sa kanyang mga guro. Sa halimbawang ito, makikita na nagkaroon ng kalayaan ang ilang paaralan na piliin ang kanilang ninanais o pinaniniwalaang batayang etikal. Kung kayâ, may ilang opsiyon ang mga estudyante upang ipamalas ang kanilang etikal na gawi. Sa hulí, ang kalooban ng tao ay masasabing isang praktikal na aspekto ng katwiran na tumutukoy sa kanyang kakayahan na kumilos nang naaayon sa kanyang mga kinikilalang prinsipyo o batas (Atwell, 1986).

Mula sa talakayan sa pagitan ng mabuti at masama hinggil sa prinsipyo ng etika, titingkad ang usapin ukol sa pagkakaroon ng mabuting kalooban bílang isang pamantayan o batayan sa prinsipyo ng etika, sapagkat dito nagsisimula kung paano tutugon at mabubuhay ang tao na kaugnay sa kanyang kapuwa o sa mga táong nása paligid niya (Paton, 1948; Mabaquiao, 2006).

Mula sa kilos at ugnayang ito ng tao at kanyang kapuwa, masusuri at makikita ang mabuting kalooban bílang batayan ng moralidad o etika. Ang pag-unawa sa batayang etikal ay naglalahad din ng dikotomiya ng pagiging mabuti at masama ng kalooban. Dagdag pa, tumingkad ang konsepto ng utang na loob at kagandahang-loob sa pag-unawa sa batayang etikal o pagpapahalaga ng tao sa kanyang kapuwa.

**E. <u>Ang Kalooban Bilang Ugnayan sa Diyos</u>**

Hindi rin naiiba ang kalooban bílang salalayan ng etika sa kalooban bílang ugnayan sa Diyos dahil may pagpapaliwanag din ito hinggil sa konsepto ng utang na loob at kagandahang-loob na bahagi ng kalinangan, kamalayan ng tao, at maging sa usapin ng pagpapakatao. Dagdag pa, saklaw ng konsepto at kalikasan ng kalooban ang ugnayan sa pagitan ng tao at ng Diyos (Lanaria, 2014). Ang pag-uugnay ng tao sa kalooban ng Diyos ay tinitingnan bílang pagbibigay-hudyat at gabay sa kung ano ang dapat gawin ng tao hinggil sa kanyang pamumuhay at maging sa usapin ng pakikitungo sa kanyang kapuwa. Ang ugnayang ito ay magiging batayan ng pagiging buo at ganap ng tao, sapagkat bibigyang-linaw ng kalooban ng Diyos ang layunin o mithiin ng tao sa kanyang búhay (Mercado, 1972). Kung kayâ, hindi lámang sa usapin ng sikolohikal-sosyolohikal na loob-kapuwa dinidiskurso ang konsepto ng loob, bagkus may pagninilay rin ito sa usaping teolohikal. Mula sa pagdiskuro ni Ramos (2017), ang loob ay hindi mahihiwalay sa diskurso ng relihiyon, dahil nása kamalayan na ng mga Pilipino ang pagiging relihiyoso (Rebustillo, 2017).

Matingkad din ang pilosopiya ng kalooban na siyang nagpapatibay ng ugnayan ng katawan, kaluluwa, at espiritu. Ang relasyon ng tatlo ang nagpapatunay ng pagiging holistiko ng mga Pilipino sa usapin ng relihiyon (Mercado, 1972). Pinatotohanan ni Capaque (2007) na ang loob bílang kalooban ay lumilikha ng mga kadahilanan at emosyon na siyang nagbibigay-daan sa tao upang mapagtanto ang kanyang mithiin sa búhay o kayâ naman makilala niya ang sarili bílang may kaugnayan sa kanyang Diyos.

Diniskurso naman ni De Mesa (1987) ang loob bílang lagusan ng kabutihan. Ayon sa kanya, ang pagkikisangkot ng mga Pilipino sa kalikasan ng kagandahang-loob ay maituturing na ebolusyon ng konsepto ng loob na siyang tumutulay sa pag-ibig ng Diyos. Kung gayon, ang kagandahang-loob na ito ay siyang patuloy na nagbubuklod sa dalawa.

Ang pagdidiskurso sa loob sa konteksto ng relihiyon ang nagpapatingkad sa kalikasan at konsepto ng kalooban upang bigyang ningas ang ugnayan nito ng loob ng mananampalataya sa kanyang Diyos na pinaglilingkuran (Caranzo, 2015). Bagama't nagmula ito sa salitang-ugat na loob, ang kalooban ay maituturing na karaniwan at ganap sa usapin ng relihiyon, sapagkat ito ay umaangkla sa ugnayan hinggil sa loob ng tao at Diyos (Reyes, 2015). Gayundin, ang konsepto ng kalooban ay pumapagitna sa puwang sa pagitan ng dalawa upang mas makalikha ng matibay na pundasyon ng pakikiisang-loob. Hindi lámang sa usapin ng pakikiisang-loob makikita ang ugnayan ng dalawa, sapagkat may sinasabi rin ito hinggil sa pagsunod sa mabuting prinsipyo at kung ano ang nararapat na gawin ng loob ng tao sa kanyang mundong ginagalawan (Mabaquiao, 2006). Sa madaling salita, nabibigyang linaw rin ng kalooban ang mga katanungan at agam-

agam ng loob ng tao upang makarating siya sa dapat niyang paroroonan at maunawaan kung ano ang makabubuti para sa kanyang buhay.

Itinuturing ang kalooban bílang esensiyal na sisidlan ng kamalayan sa konteksto ng espiritwalidad, na pinakahulugan bílang isang sentral at mahalagang gámit ng relihiyon (Hill, 2000). Lunsaran ang relihiyon sa pakikiisa ng katawan at kaluluwa sa kinikilalang Diyos, na nagdudulot ng kaginhawaan, gaya ng pag-asang nililikha ng relihiyon hinggil sa pagkatao at búhay ng mga Pilipino (Covar, 1998). Sa pag-aaral ng espiritwalidad, lumilitaw ang dalawang temang kaugnay nito; penomenolohikal na karanasan at pagkakaugnay-ugnay sa Diyos at kapuwa. Dahil sa tumutukoy ang espiritwalidad sa isang maka-Diyos na karanasan, itinuturing itong isang panloob na bagay. Sa madaling salita, nása kaibuturan ito ng isang tao. Sa usaping ito, tumutugon ang tao sa kung ano ang nakapag-iisa sa kanya nang higit pa kaysa sa kung ano ang nakapaghihiwalay sa kanya. At sa madalas na pagkakataon, ang pagtugon ng tao sa kung ano ang nakapag-iisa sa kanya ay tumutungo sa kanyang magandang ugnayan sa kapuwa at Diyos. (Yabut, 2013).

Ang konsepto ng kalooban ay mas napapalalim pa kung pagninilayan o pag-aaralan ito mula sa konteksto ng relihiyon o espiritwalidad. Hindi lámang ito sisidlan ng kamalayan, bagkus nagsisilbing gabay ang kalooban sa kung paano kikilos ang loob ng tao sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay (Capaque, 2007). Kung gayon, ang kalooban ang umuudyok sa loob ng tao upang lumakad sa katwiran na naayon sa moralidad o batas ng Diyos upang hindi siya mapahamak sa landas na kanyang tatahakin. Sa kabuoan, may manipestasyon ang kalooban sa usapin ng relihiyosidad sa kung paano nabubuksan ang loob ng tao o mananampalataya patungo sa kalooban ng Diyos.

Mula sa limang antas ng pagtatalakay hinggil sa konsepto ng kalooban, mababanaag na malaki ang saklaw nito sa kalikasan ng tao na kaugnay sa kanyang kapuwa, karanasan, damdamin, etika, kamalayan, kultura, at maging sa usapin ng espiritwal na paniniwala o pananampalataya. Makikita rin na magkakaugnay ang mga ito; at ang ugnayang ito ay siyang nagpapaliwanag at nagpapatingkad sa mga penomenang esensiyal sa diskurso ng kalooban, gaya ng ugnayan ng loob ng tao sa kapuwa at sa kanyang kinikilalang Diyos.

## II. Pagpapakilala sa Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM)

### A. Kasaysayan ng JMCIM

Itinatag ang Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM) nina Pastor Wilde E. Almeda at ng kanyang asawang si Asst. Pastor Lina C. Almeda noong Pebrero 14, 1975 sa Novaliches, Quezon City, Metro Manila. Unang nangaral ang mag-asawa sa mga residente ng Urduja, Novaliches, na noon ay binubuo pa lámang ng apat na pamilya. Nairehistro ang naturang samahán noong 1983 sa Securities and Exchange Commission (SEC) — Philippines (Severino at el., 2007).

Mula sa lalawigan ng Surigao Del Sur ang mag-asawang Almeda. Noon ay nagdurusa si Wilde Almeda sa karamdamang insomnia sa loob ng anim na taon. Madalas hindi siya nakakatulog nang maayos at halos dalawa o tatlong oras siya ay naglalakad nang tulog gabi-gabi. Ang insomnia ay dulot ng labis na pagsusumikap niya sa pangangampanya sa politika para sa kapangyarihan at kayamanan. Subalit nang siya ay bahaginan ng salita ng Diyos ng isang Pilipinong misyonerong si Corazon Gatdula, na may kaugnayan sa grupong *pentecostal*, siya diumano ay lubusang pinagaling ng Diyos. Mula noon, siya ay nagsimulang maglingkod sa Diyos sa pamamagitan ng doktrina ng *apostolic (oneness) pentecostalism* (Almeda-Smith, 2015).

Sinasabing ang Amerikanong misyonerong si John Willhoite ang pinagmulan ng JMCIM, isa sa pinakamalaking samahán ng *apostolic (oneness) pentecostal* sa bansa. Noong hulíng bahagi ng 1970, ang pamilyang John Willhoite ay nagtungo sa Pilipinas bílang mga misyonero kasama ang Apostolic Ministers Fellowship (Smith, 2015).

Naging matunog na paksa ang JMCIM nang umakyat si Pastor Wilde Almeda at kanyang labindalawang prayer warriors sa bundok ng Talipao, Jolo, Sulu noong 2000. Mithiin nilang palayain ang mga bihag na Pilipino at banyaga mula sa kamay ng Abu Sayyaf Group (ASG) bílang pagtugon sa utos ng kanilang Diyos (De Leon, 2000).

**B. Ang JMCIM at Apostolic (Oneness) Pentecostalism**

Alinsunod sa *oneness pentecostalism* ang katuruan ng JMCIM, tumutukoy ito sa iisang Diyos sa tatlong manipestasyon o pagpapahayag; Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu. Mula nang itinatag ang JMCIM ng mag-asawang Almeda, ang oneness pentecostalism o kilala rin sa tawag na *apostolic pentecostalism o Jesus' name pentecostalism* (Bowman, 1994) ang naging batayan ng doktrina o kultura ng nasabing kongregasyon. Ang kulturang ito ang humubog sa JMCIM bílang grupo ng mga mananampalataya.

**C. Ang JMCIM bílang Kongregasyon**

Itinuturing bílang kongregasyon ang JMCIM, sapagkat nagtitipon-tipon ang mga kasapi[3] nito upang isagawa ang mga espiritwal na gawain o praktis, tulad ng pagpupuri, pag-aawit, pakikinig ng mga patotoo,[4] at pag-aaral ng salita ng Diyos. Tinatawag din ang kongregasyon ng JMCIM bílang gawain ng Diyos ng mga kasapi nito, sapagkat naniniwala silang ang Diyos ang nagtatag ng nasabing kongregasyon; at ginamit si Pastor Wilde Almeda na manguna sa gawaing ito. Pinaniniwalaan din ng mga kasapi nito na hindi bahagi ng relihiyon ang JMCIM, bagkus isang relasyon sa Diyos. Gayunman, sakaling pumanaw, ikasal, o nag-aplay ng trabaho ang mga kasapi, ang inilalalagay nila sa kanilang biodata o resumé ay *Born Again Christian* bílang relihiyon.

Gayundin, ang kongregasyon ng JMCIM ay sumasangguni sa bibliya bílang nag-iisang awtoridad sa lahat ng mga espiritwal na bagay. Yamang maraming bersiyon ang bibliya, itinakda ng JMCIM ang *King James Version* (KJV) bílang opisyal na sanggunian nito. Pinaniniwalaan din ng mga kasapi nito na ang bawat kagawian ng JMCIM ay isang pagtalima sa mga turo ni Kristo na matatagpuan sa banal na kasulatan (King, 2016).

Tulad ng marami sa mga grupo ng oneness Pentecostal, masidhing binibigyang-diin ng JMCIM ang *soteriology* o doktrina ng kaligtasan na matatagpuan sa aklat ng Gawa 2:38, na nagsasaad ng pagsisisi, bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesukristo para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at pagtanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu na mapatutunayan sa pagsasalita ng ibang wika. Ang paniniwala tungkol sa bautismo sa pangalan ni Hesus ay nauugnay sa kanilang ganap na pananaw tungkol sa iisang Diyos; tinatanggihan nila ang tradisyonal na doktrina ng Trinitarian. Marahil ito ang pinakanatatanging bahagi ng kanilang doktrina. Dagdag pa, may pokus ang JMCIM sa pagpapatibay ng pananampalataya at pagbabago ng búhay mula sa pagkalulong sa droga, mga problema sa pag-aasawa, at iba pang mga personal na isyu sa búhay (Goh, 2005).

**D. Mga Kagawian at Paniniwala ng mga Kasapi ng JMCIM**

Sa katunayan, noong 2011, naglabas ang JMCIM ng *preacher's handbook* na may 252 pahina na nása wikang Filipino at Ingles. Nakasaad dito ang layunin ng mga karaniwang tagubilin para sa lahat ng mga ministro o mangangaral na sumasaklaw sa mga paksang may kaugnayan sa espiritwal na paniniwala o kagawian, kabilang ang doktrina at kung paano magsasagawa ang JMCIM hinggil sa kasal, paghahandog sa bata, at iba pa (King, 2016). Ang sumusunod ay ang praktis sa kongregasyon ng JMCIM:

***Mga Pangunahing Selebrasyon ng JMCIM***

Mayabong ang mga pagdiriwang ng JMCIM. Sa katunayan, ang kongregasyon ay may tatlong pangunahing selebrasyon; kapanganakan ni Pastor Wilde Estrada Almeda, anibersaryo ng JMCIM, at anibersaryo ng Talipao Peace Mission. Ipinagdiriwang ng JMCIM ang kapanganakan ni Pastor Wilde Estrada Almeda tuwing ika 28 ng Hulyo. Sa tuwing sasapit ang ganitong selebrasyon, nagkakaroon ng magarbong pagsalubong sa nasabing Pastor bílang pagbati at paggalang. Madalas, siya ay lulan ng kanyang kotse na sinusundan ng marami pang sasakyan,

[3] Ang mga kasapi ng JMCIM ay mas kilala sa tawag bílang mga kapatiran sa konteksto ng JMCIM. Nahahati ito sa dalawang klasipikasyon; baguhan at datíhan. Ang baguhan ay tumutukoy sa mga bagong kasapi, habang ang datíha ay tumutukoy sa mga kasaping bumilang na ng mahabang taon sa paglilingkod sa Diyos sa kongregasyon ng JMCIM.

[4] Ang patotoo ay tumutukoy sa pagpapahayag ng mga himalang naranasan ng kasapi nito, tulad ng paggaling mula sa malubhang sakít, pagbabago ng búhay, at pagpapalang natamo niya buhat sa Diyos.

habang nakahilera ang mga miyembro ng koro o mang-aawit at mga ordinaryong kasapi na nagwawagayway ng mga puting watawat.

Samantala, ipinagdiriwang ang anibersaryo ng JMCIM tuwing ika-14 ng Pebrero. Kung hindi sumakto ang naturang petsa sa araw ng linggo, pinipili na lámang ang ikalawang linggo ng Pebrero. Madalas, nagtitipon-tipon ang mga kasapi mula sa iba't ibang gawaing pangkomunidad upang makiisa sa pagdiriwang ng nasabing anibersaryo.

At ang hulí ay ang anibersaryo ng *Talipao Peace Mission* na ipinagdiriwang tuwing ikalawa o ikatlong linggo ng Oktubre bílang paggunita sa matagumpay na misyon at mga himalang mula sa Diyos sa bundok ng Talipao, Jolo, Sulu. Matagumpay ang pagpapalaya sa mga bihag at maging ang pagbabalik ni Pastor Wilde Estrada Almeda at labindalawang (12) *prayer warriors* sa Maynila. Ang pangyayaring ito ang sinasabing pinakamatagumpay na misyon ng JMCIM na nagpatibay sa pananampalataya ng mga kasapi nito hanggang sa kasalukuyan. Kayâ, tuwing taon ay ipinagdiriwang nila ito bílang pasasalamat at pagninilay sa mga himalang naganap sa mapanganib na lugar na kinaroroonan ng Abu Sayyaf Group (Smith, 2015).

Ang nabanggit na tatlong pangunahing selebrasyon ng JMCIM ay madalas idinaraos sa Amoranto Sports Complex, Quezon City; Luneta Park, Manila; at CCP Open Grounds, Pasay City dahil sa milyon-milyong kasapi ng JMCIM sa iba't ibang dáko ng mundo ang nagtitipon-tipon at nakikiisa sa mga pagdiriwang ito.

### *"Services"*

Ang JMCIM ay may tatlong "services"[5] o pananambahan sa loob ng isang linggo; Linggo (10- 5 ng hapon), Miyerkoles (1-6 ng hapon), at Biyernes (1-6 ng hapon). Madalas, isinasagawa ang pag-aalay[6] ng papuring awitin tuwing Biyernes, isang magdamagang pagpupuri. Bago nagkaroon ng pandemya, sa Amoranto Sports Stadium sa Lungsod Quezon malimit idinaraos ang kanilang pagtitipon upang isagawa ang espiritwal na gawain gaya ng pagpupuri sa kanilang Diyos. Ang programa ng JMCIM ay binubuo ng mga papuring awitin (*joyful at solemn songs*), mga patotoo, pagbibigay ng ikapu't handog, at pag-aaral ng salita ng Diyos. May inilalaan ding oras ang JMCIM sa pagpapayo at *back-up prayer* para sa mga kasapi nito.

### *Pagpapahayag sa mga Himala Mula sa Diyos*

Sa bawat "service" ng JMCIM, laging pinag-uusapan ng mga kasapi nito ang mga himala ng Diyos sa kanilang mga búhay, gaya ng pagpapagaling ng kanilang mga karamdaman, kaligtasan mula sa panganib, pagbabago ng búhay, at mga pagpapalang natatamo nila sa araw-araw. Ang madalas na pagpapahayag ng mga kasapi nito ng JMCIM sa mga himala ay ibinatay nila sa mga pangako ng Diyos, partikular sa paghihimala ni Hesus sa Israel. Para sa mga kasaping ito, ang mga himalang naganap at nagaganap ay isang palantadaan ng pagiging tunay ng kongregasyon na nilalakipan ng kapangyarihan ng Diyos. Dagdag pa, ang mga himalang ito ay pinapatotoo ng mga kasapi dahil naniniwala sila na nararapat na ipaalam ang mga himalang nagmula sa Diyos upang madakila ang kanyang pangalan; at gayundin, upang lumago ang pananampalataya ng iba pang mga kasapi, at higit sa lahat, upang marami pang tao ang makaalam na may Diyos na naghihimala. Ang isa sa mga himalang madalas na pinag-uusapan ng mga kasapi ay ang tagumpay ng *Talipao Peace Mission*.

### *Mahabang Pagpupuri*

Naglalaan ang JMCIM ng mahabang oras sa pagdarasal at pagpupuri upang maabot ang pamantayan ng Diyos. Mula sa mahabang pagpupuring ito sa pamamagitan ng pagpalakpak at pagtaas ng kamay, pag-indak, at pag-iyak sa Diyos, naniniwala ang mga kasapi nito na ang mahabang pagpupuri ay nakakapagbigay-lugod sa kanilang Diyos. Gayundin, naniniwala sila na sa pamamagitan ng mahabang pagpupuri, binibigyan sila ng kapangyarihan ng kanilang Diyos na magpagaling ng mga may karamdaman at magpalayas ng mga diyablo sa pangalan ni Hesus sa unang panalangin ng kanilang Pastor Wilde Almeda.

[5] Ang "services" ay ang tawag sa pananambahan o pagtitipon-tipon ng mga kasapi ng JMCIM kung saan nakasentro sa pagpupuri, pakikinig ng patotoo, at pag-aaral ng ebanghelyo.

[6] Ang pag-aalay ng papuring awitin ay tumutukoy sa pag-awit sa Diyos sa entablado o mas tinatawag ng JMCIM bílang banal na pulpito.

***Pag-aaral ng Salita ng Diyos at Krusada***

May mga idinaraos ding mga pag-aaral ng salita ng Diyos (*bible study*) at krusada ang kongregasyon ng JMCIM sa iba't ibang lugar sa Pilipinas at maging sa ibayong dagat. Kalimitan, ang haba ng pag-aaral ng salita ng Diyos ay umaabot ng apat hanggang anim na oras sa pastoral at *fasting houses* sa iba't ibang gawaing pangkomunidad. Samantala, ang mga krusada[7] ay idinaraos sa loob ng ilang araw sa mga lugar na malimit puntahan ng mga tao tulad ng parke. Ang JMCIM ay naglulunsad ng mga krusada na bukás para sa lahat at ipakilala sa lahat ng mga tao na si Hesus ang Diyos at tagapagligtas.

***Bautismo sa Tubig sa Pangalan ni Hesus***

Ang bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesus ay tumutukoy sa paglubog sa tubig ng mga baguhan o mga bata na edad pito (7) at pataas. Bago maging ganap na mga kasapi ng JMCIM, kinakailangang mabautismuhan sila sa tubig sa pangalan ni Hesus. Malimit, pinatatanggal ng mga mang-aawit ang mga damit pantaas at pambaba ng mga babautismuhan; at pinapasuot sila ng *robe* upang hindi mabasa ang kanilang mga damit. Bago sila bautismuhan, may mangangaral na magpapaliwanag ng kahalagahan ng bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesus at ipananalangin sila kinalaunan. Habang isinasagawa ang bautismo sa tubig, umaawit ng mga papuring awitin ang mga miyembro ng koro.

***Pag-aayuno***

Sa mga pastoral at fasting houses dumadako ang mga kasapi sa tuwing sila ay nag-aayuno. Madalas na tumatagal ito ng tatlong araw. May ilan naman na nakakaya ang ilang linggo at minsan pa ay *absolute* o walang inumin. Ang pagpunta sa mga fasting houses ng mga kasapi ay naging praktis na ng JMCIM. Ang layunin nito ay upang magsumamo sa kanilang Diyos na sila ay tulungan sa kanilang mga suliranin o daing; at paraan din ito ng pagpapasalamat sa kanilang Diyos sa mga pagpapalang kanilang natatamo. Pinag-aayuno rin ng pamilyang Almeda ang mga kasaping nais maging mangangaral, manggagawa, manunugtog, at mang-aawit bago sila maging ganap na mga kasapi ng mga nabanggit na katungkulan, Ang prosesong[8] ito ang nagiging batayan nila kung sila ay nararapat magkaroon ng mga katungkulan sa kongregasyon ng JMCIM.

***Paghahayo***

Masigasig ang mga kasapi ng JMCIM sa paghahayo[9] upang mas maraming makaalam sa salita ng Diyos at sa nasabing kongregasyon, lalo na sa mga táong hindi pa kasapi ng JMCIM[10]. Ang ganitong gawain ng JMCIM ay ibinatay nila sa paglalakbay ng mga disipulo ni Hesus sa iba't ibang lugar upang palaganapin ang salita ng Diyos. Mula sa paghahayong ito, maraming tumatanggap sa Diyos.[11] Madalas ang paghahayong ito ay nagaganap bago ang malalaking pagdiriwang, gaya ng anibersaryo ng JMCIM at ng *Talipao Peace Mission*.

***Pagsasalita ng Iba't Ibang Wika***

Malimit, ang pagsasalita ng iba't ibang wika ng mga kasapi ng JMCIM ay nagaganap sa tuwing nagpupuri ang mga ito, partikular

---

[7] Ang krusada ay tumutukoy sa pagdaraos ng "services" o pananambahan sa iba't ibang dáko ng Pilipinas o maging sa ibang bansa. Ang layunin nito ay upang marami pang makakilala sa Diyos sa pamamagitan ng kongregasyon ng JMCIM.

[8] Ang prosesong ito ay mas kilala sa tawag na *under observation*. Malimit, tumatagal ito ng ilang buwan bago maging ganap na mga kasapi ng mga nasabing katungkulan.

[9] Ang hayo o *sounding* ay tumutukoy sa pagbabahagi ng mga *leaflets* at salita ng Diyos sa mga lansangan, kalsada, barangay, at iba pang lugar. Madalas na ginagawa ito sa pamamagitan ng *motorcade*, tumutukoy sa pagpapatugtog ng mga papuring awitin habang nakalulan ang mga kasapi sa kani-kanilang mga sasakyan upang mag-anyaya sa mga tao na dumalo sa gawain o kongregasyon ng JMCIM.

[10] Ang mga hindi pa miyembro o kasapi ng JMCIM ay tinatawag bílang mga táong nása sanlibutan. Tumutukoy ito sa mga táong hindi naglilingkod sa Diyos sa espiritu at katotohanan, hindi gumagawa sa kalooban ng Diyos, at sa mga táong hindi pa nakakatanggap ng bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesus.

[11] Ang pagtanggap ng tao sa Diyos na resulta ng paghahayo ay kilala sa tawag na bunga, na tumutukoy sa mga táong bunga ng paghahayo ng mga kasapi nito ng JMCIM. Madalas, ang mga bunga ay ang mga kamag-anak o kakilala ng mga kasapi nito na nagpakilala at nagdala sa kanila sa kongregasyon ng JMCIM.

ang pag-awit ng mga miyembro ng koro. Sa kalagitnaan din ng kanilang pagpupuri at pagtangis, may mga kasaping nakakadama ng presensiya ng Diyos at sa oras na madama nila ito, sila ay napupuspos[12] at nagsasalita ng iba't ibang wika. Pinaniniwalaan ng mga kasapi ng JMCIM na hindi sila ang nagsasalita nito, bagkus ang Espiritu ng Diyos. Ang pagsasalita ng iba't ibang wika ay isa sa mga Espiritwal na gawain ng mga samahan ng *apostolic (oneness) pentecostal*, gaya ng kongregasyon ng JMCIM na masidhing naniniwala na ang espiritwal na gawain na ito ay palantandaan ng kanilang pagtanggap sa Espiritu ng Diyos.

### *Pagpapahaba ng Buhok*

Mahaba ang mga buhok ng mga babaeng kasapi ng JMCIM, sapagkat naniniwala sila na ang pagpapanatili ng kanilang mahabang buhok ay isang kapurihan sa kanilang Diyos. Ang ganitong paniniwala ay ibinatay nila sa bibliya na nagsasaad na ang buhok ay ibinigay ng Diyos sa mga babae bílang kanilang pangtakip sa kanilang pagkababae. Sa katunayan, kinakailangang magtaglay ng mahabang buhok ang mga babaeng kasapi na ibig maging mang-aawit sa kongregasyon ng JMCIM.

### *Pagbibigay ng Ikapu't Handog*

Ang ikapu't handog ay tumutukoy sa pagbibigay ng mga kasapi sa kongregasyon ng JMCIM ng sampung porsiyento (10%) mula sa kanilang kinita o natanggap na pagpapala. Ginagamit ang mga salaping ito sa mga gastusin ng buong kongregasyon, gaya ng rental, tubig, koryente, sa mga krusada, mga pagdiriwang, at iba pa. Samantala, ang praktis na ito ay ibinatay nila sa bibliya, na nagsasaad na ang pagbibigay ng ikapu't handog ay siyang susi ng pagpapala.

### *Konsepto ng Kabanalan*

Ang kabanalan sa konteksto ng JMCIM ay hindi lámang makikita sa kilos at pananalita, gaya ng madalas na pagbigkas ng '*Hallelujah, Praise the Lord*,' bagkus matingkad din ang pamantayan nito sa pananamit na naglalarawan ng kahinhinan at pagpipigil sa sarili, isang doktrinang madalas na tumutukoy bílang kabanalan. Ang mga babaeng kasapi ay may mahahabang kasuotan: damit pantaas (*long sleeves*) at palda. Habang ang mga lalaking kasapi ay may mahaba ring kasuotan: damit pantaas (*long sleeves*) at pantalon. Sa araw ng kanilang "service" o pananambahan, ang mga kasapi ay nakasuot ng puting damit. Kaugnay rin ng kabanalan ang hindi pagsusuot ng mga kasapi ng mga kuwintas, hikaw, singsing, o anumang alahas na inilalagay sa katawan, dahil naniniwala ang mga kasapi ng JMCIM na hindi ito katanggap-tanggap sa kanilang Diyos, sapagkat nagiging ugat lámang ito ng disgrasya at hadlang sa kanilang paglilingkod sa Diyos. Dagdag pa, ang pagpipinta o pagmamarka sa katawan ay hindi rin pinahihintulutan ng nasabing kongregasyon. Pinanínindigan ng mga kasapi ng JMCIM na sinisira lámang nito ang kabanalan o kadalisayan ng templo ng Diyos. Ang kanilang mga katawan ay pinapaniwalaan nila bílang sisidlan ng Espiritu ng kanilang kinikilalang Diyos. Ang lahat ng kanilang paniniwala hinggil sa konsepto ng kabanalan ay ibinatay nila sa bibliya.

### *Paghahandog ng Sanggol*

Nahahawig ito sa binyag ng katoliko, subalit naniniwala ang mga kasapi ng JMCIM na hindi pa nararapat binyagan ang sanggol, sapagkat sila ay wala pang mga kasalanan, bagkus sila ay nararapat na ialay sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapanalangin sa kanila upang lumaki silang may tákot sa Diyos.

### *Pagiging Kasapi ng JMCIM*

Upang maging mga ganap na kasapi ng JMCIM, kinakailangan na sila ay mabautismuhan sa tubig sa pangalan ni Hesus. Kaugnay nito ay ang iba pang reglamento ng kaligtasan, gaya ng masidhing pananampalataya, taos-pusong pagsisisi sa mga kasalanan, at bautismo sa banal na Espiritu. Pinaniniwalaan ng mga kasapi ng JMCIM na ang Diyos ang magsasagawa ng bautismo sa banal na Espiritu matapos sundin ng tao ang mga naunang tatlong reglamento. Kaakibat nito ay ang patuloy na

[12] Ang puspos sa JMCIM ay tumutukoy sa pagkilos ng banal na Espiritu ng Diyos sa mga kasapi nito. Madalas, kapag nararamdaman ang banal na Espiritu, ang mga kasapi ng JMCIM ay tumatangis, nagsasalita ng ibang wika, at may panginginig sa dalawang kamay habang nakataas ang mga ito.

pagdalo sa mga pananambahan ng nasabing kongregasyon upang lumago pa ang kanilang pananampalataya.

***Paghuhugas ng Paa***

Ang paghuhugas ng paa ng mga kasapi ng JMCIM ay isinasagawa tuwing buwan ng Abril. Pinapipila ang mga kasapi hanggang makarating sa isang mang-aawit (*finest choir member*) na naatasang maghugas ng mga paa. Ang praktis na ito ay naganap noong hinugasan ni Hesus ang mga paa ng kanyang labindalawang apostol habang isinasagawa ang hulíng hapunan. Naaayon ito sa bibliya bílang pagpapamalas ng kababaang-loob at pag-ibig na walang pag-iimbot.

***Kasal***

Bago mag-isang dibdib ang dalawang kasapi ng JMCIM, kinakailangang dumalo muna sila sa bible study na may pangangaral hinggil sa pag-aasawa at pagkakaroon ng pamilya. Sa araw mismo ng pag-iisang dibdib, may inilalaan na oras sa pagpupuri bago ikasal ang dalawang kasapi ng isang mangangaral. Sa katunayan, isa sa mga turo ng kanilang Asst. Pastor Lina Almeda ay ipanalangin ang nararapat na maging kabiyak nila sa búhay. Kung kayâ, malimit na walang proseso ng panliligaw ang pag-iisang-dibdib ng mga kasapi sa JMCIM. Pinapayuhan din ng pamilyang Almeda na mag-ayuno ang dalawang kasaping balak ng magpakasal upang malaman ang kalooban ng Diyos para sa kanila.

***Lamay***

May mga mangangaral at grupo ng mang-aawit na tumutungo sa mismong lugar kung saan ginaganap ang lamay upang ipanalangin ang kaluluwa ng kasaping namayapa na; at gayundin upang magdaos ng pagpupuri sa Diyos. Mahigpit na ipinagbabawal ng pamunuan ng JMCIM ang pag-*cremate* sa mga kasaping namayapa na, sapagkat naniniwala sila na mahalaga ang katawan ng mga Kristiyanong namayapa sa pagbabalik ng Diyos. Naniniwala rin ang mga kasapi ng JMCIM na ang kamatayan ng isang táong matuwid o Kristiyano ay isang pakinabang, dahil sa oras ng kanilang kamatayan ay siya namang pagdilat ng kanilang mga mata sa píling ng Diyos sa kalangitan. Pinagdarasal din ng mga kasapi nito ang mga mahal sa búhay ng isang namayapa na sila ay aliwin o bigyan ng kapanatagan ng loob at kalakasan na harapin ang mga hindi inaasahang pangyayari gaya ng kamatayan ng tao.

***Kapaskuhan***

Mayabong ang pagdiriwang ng mga kasapi ng JMCIM sa kapaskuhan, dahil ito ang araw ng kapanganakan ni Hesus na kanilang Diyos at Tagapagligtas. Sa katunayan, sa unang araw pa lámang ng Disyembre, ikinakabit at inilalagay na ang Christmas tree at Christmas lights sa entablado o pulpito. Inaawit din ang mga awiting pamasko ng mga miyembro ng koro. At naglulunsad din ng mga Christmas party sa bawat organisasyong nakapaloob sa JMCIM, gaya ng mga mangangaral, manggagawa, mang-aawit, at iba pa. Gayundin, binibigyan ng regalo ang pamilyang Almeda bílang pasasalamat sa pangunguna at pangangalaga nila sa kongregasyon ng JMCIM. Samantala, naghahandog din ng mga aginaldo ang ibang mga kasapi sa mga mangangaral sa panahong ito. Dagdag pa, nagdaraos ang JMCIM ng mga konsiyerto na bukás sa lahat ng mga kasapi nito upang lubos na ipagdiwang ang mahalagang araw na ito ng kanilang Diyos. Sa araw na ito, pumupunta ang mga kasapi nito mula sa iba't ibang gawaing pangkomunidad sa main church sa Lungsod Quezon. Nakikiisa sila sa pagdiriwang sa pamamagitan ng kanilang mga awitan, pagsasadula sa kapanganakan ni Hesus, at mga temang may kinalaman sa kapaskuhan. Pinapaunlakan din ng pamilyang Almeda na magsama ang mga kasapi ng kanilang mga mahal sa búhay na hindi pa nabautismuhan sa pangalan ni Hesus o hindi pa miyembro ng JMCIM.

Mababanaag mula rito ang matingkad na kaibahan ng JMCIM sa ibang pang mga grupo ng relihiyon hinggil sa kagawian at pamantayan ng kanilang kongregasyon sa pangunguna ni Pastor Almeda; at gayundin sa pananampalataya na kanilang ibinabatay sa bibliya at sa mga turo mula sa mga nangunguna sa kanila. Mahalaga para sa mga kasapi ng JMCIM na masunod ang mga pamantayang ito sa paniniwalang sa pamamagitan nito, mapananatili nila ang magandang ugnayan sa Diyos. Gayundin, tinalakay na mahalaga sa JMCIM ang usapin ng pagdiriwang ng

Anibersaryo ng JMCIM, *Talipao Peace Mission,* at kaarawan ni Pastor Almeda, pagdalo sa *services* o pananambahan, pagpapatotoo o pagpapahayag ng mga himala ng Diyos, mahabang pagpupuri, pag-aaral ng salita ng Diyos, krusada, pag-aayuno, paghahayo, bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesus, mahabang buhok ng mga kasaping babae, "*gift of tongue*," pagbibigay ng ikapu't handog, kabanalan na makikita sa kanilang kasuotan, kilos at pananalita, hindi pagtangkilik sa mga alahas at maging sa pagpipinta sa katawan, pag-aalay sa mga sanggol, pagiging kasapi ng nasabing kongregasyon, paghuhugas ng paa, kasal, lamay, at kapaskuhan. Ang mga ito ay isinasagawa sa JMCIM upang maisakatuparan ang kanilang mga gampanin bílang isang kongregasyon at bílang isang grupo ng mananampalataya na tumatalima sa mga turo ng kanilang kinikilalang Diyos.

## III. Pagsusuri ng mga Pagpapakahulugan hinggil sa Kalooban

### A. <u>Ang Kalooban bílang Plano ng Diyos</u>

Tumutukoy sa plano o kagustuhan, intensiyon, at hangad ng Diyos ang pagpapakahulugan sa kalooban. Ibig sabihin, inuunawa ito bílang serye ng mga pangyayari na ipinagkakaloob ng Diyos para sa kanyang mga anak. Ito ay sinasangguni ng mga Kristiyano upang sila ay magtagumpay sa búhay. Ang ganitong pagpapakahulugan at kalikasan hinggil sa konsepto ng plano ay mayabong sa mga awitin, patotoo, at pag-aaral ng salita ng Diyos ng mga kasapi ng JMCIM. Madalas, iniuugnay nila ang konsepto ng plano sa kalooban ng Diyos. Isa sa mga pag-aaral ng salita ng Diyos na kaugnay sa kalooban bílang plano ay ang sumusunod:

> May magandang plano ang Mahal na Panginoong Hesus sa ating búhay. Umasa tayo sa kanyang kalooban kahit anuman ang mangyari. Patuloy nating ipamuhay ang kaloobang ito. Alam niya ang makabubuti para sa atin. Hindi niya tayo bibiguin (Cruz, 2020).

Mula dito, mahihinuha na tumutukoy ang konsepto ng plano sa kalooban o kagustuhan ng Diyos, anuman ang kalagayan sa búhay, pinaniniwalaan na ito ay magiging batayan nila sa kung paano nila ipapamuhay ang mga turo ng Diyos. Kaugnay nito, pinaniniwalaan ng mga kasapi na ang kalooban ay maaaring gawin o balangkasin ng tao o ng Diyos, na magsisilbing gabay nila hinggil sa kanilang pamumuhay at pangarap. Subalit, mas pinipili ng mga kasapi ang plano ng Diyos, sapagkat nananampalataya sila na batid ng Diyos ang anumang makabubuti para sa kanila. Sa kabilâng dáko, ang pagtitiwala sa kanilang sariling plano ay iniuugnay nila sa pagsunod sa sariling kalooban, na itinuturing nilang limitado, sapagkat walang kakayahang makita ng tao ang hinaharap.

Para sa mga kasapi, ang pagtamo ng masagana, mapayapa, ligtas na pamumuhay, at búhay na walang hanggan ay bahagi ng malaking plano ng Diyos para sa kanila (Almeda, 1995). Una, ang masaganang búhay ay tumutukoy sa mga pagpapalà, gaya ng pinansiyal, materyal, pisikal, at higit sa lahat sa espiritwal na aspekto. Ikalawa, ang mapayapang búhay ay nangangahulugang kahit nása gitna ng mga suliranin, batid ng mga kasapi na may Diyos silang matatawagan. Dahil sa relasyon nila sa Diyos, nagkakaroon sila ng kapayapaan sa kanilang pusò at isipan. Ikatlo, ang ligtas na pamumuhay ay tumutukoy naman sa pagtamo ng kaligtasan mula sa mga nakaambang panganib, gaya ng mga kalamidad, aksidente, malubhang karamdaman, at maging kamatayan. At ang hulí ay ang búhay na walang hanggan na para sa mga kasapi ay makakamtam nila sa kalangitan sa oras ng pagbabalik ng kanilang Diyos. Isa sa mga patotoo na kaugnay nito ay ang sumusunod:

> Batid ko na makabubuti sa amin ang plano ng Dakilang Diyos, siya ang nakaaalam ng lahat, kayâ kahit na nahihirapan kami, patuloy kaming mananampalataya sa kanyang perpektong plano, dahil 'yan ang kalooban ng Diyos (Patotoo 1).

Samakatwid, naniniwala sila na ang lahat ng plano o kalooban ng Diyos ay makabubuti para sa kanilang búhay. Kung minsan, kahit sila ay nahihirapan, nananalangin sila sa kanilang Diyos na bigyan sila ng kalakasan at katatagan ng loob upang patuloy na masunod ang kanyang plano. Nása praktis na nila na hindi kuwestyunin ang mga planong ito, sapagkat nananalig sila na tapat ang Diyos

sa kanyang mga gawa. Samantala, bunsod ng madalas na paggamit ng mga kasapi hinggil sa salitang kalooban sa kanilang mga papuring awitin, patotoo, pag-aaral ng salita ng Diyos, at maging sa kanilang pagtatalastasan sa isa't isa, nagkaroon na ito ng pagpapaikli: loobin, nangangahulugan itong kung ano ang loobin o plano ng Diyos, iyon ang magaganap. Sa katunayan, madalas na marinig ito sa kanilang mga patotoo at isa na rito ay ang sumusunod:

> Loobin, makakasakay po ako ng barko sa susunod na linggo. Kung anuman pong kahihinatnan, alam ko pong ito ang plano ng Diyos at malugod ko po itong tatanggapin (Abribado, 2020).

Mahihinuha na ginamit ang loobin bílang isang pagdidiin sa plano ng Diyos para sa kanilang búhay, na maituturing na isang katibayan ng kanilang paniniwala at pagtugon sa Diyos. Inilalapat din nila ang plano ng Diyos sa pag-abot ng kanilang mga pangarap, na lantarang makikita sa kanilang patotoo:

> Akala ko hanggang dito na lámang ako. Dahil hindi ako nakatapos ng pag-aaral, naging mahirap sa akin ang makapagtrabaho sa magandang kompanya. Kaya tinanggap ko na po na wala akong mararating sa búhay. Subalit may magandang plano pala ang Diyos sa akin. Mas mataas pa palá ang pangarap niya sa aking búhay, nagkaroon ako ng mga negosyo, bahay, lupa, at mga sasakyan. Inihanda lang pala ako ng Mahal na Panginoong Hesus sa malaking pagpapalang ito. Kayâ, hanggang ako ay nabubuhay sa daigdig, patuloy ko pong ipagsasabi ang kabutihang ito ng Diyos sa aking búhay (Patotoo 2).

Mapapansin na ginamit ang plano ng Diyos upang ilahad na mas epektibo at mainam ito kaysa sa inaasahan o iniisip ng kasapi hinggil sa pagtamasa ng kanyang mga pangarap. Makikita rin dito na kahit tila may pagsuko sa panig ng kasapi hinggil sa pag-abot ng kanyang mga mithiin sa búhay, patuloy niyang ipinapatotoo na may magandang plano at layunin ang Diyos sa kanya. Gayundin, isa pa sa mga inuugnay sa kalooban, bukod sa plano, ay ang gabay. Makikita ito sa kanilang patotoo:

> Tunay na naging gabay sa akin ang kalooban ng Mahal na Panginoong Hesus sa kursong pipiliin ko sa kolehiyo. Noong una, hindi ko talaga alam kung ano ang para sa akin, ngunit nang sundin ko ang kalooban ng Diyos, nagpuri ako at nag-ayuno, naging malinaw na sa akin kung anong kurso ang nararapat kong kunin (Patotoo 3).

Mapapansin mula dito na ang kalooban ay ginamit ding gabay ng kasapi. Ang ganitong sitwasyon ay hindi na iba sa marami pang kasapi. Tinitingnan nilang gabay ang kaloobang ito ng Diyos, partikular sa mga bagay na sila ay nagugulumihanan. Lagi silang humihingi ng tulong sa Diyos na sila ay gabayan sa anumang bagay na gagawin nila. Naniniwala sila na sa oras na sila ay tumalima sa kalooban ng Diyos, magdudulot ito ng magandang resulta. Ang kalooban bílang plano ng Diyos ay isang proseso para sa mga kasapi nito. Batid nilang kailangan din nilang kumilos, bukod sa manalangin at magpuri. Samakatwid, ang pagtamasa sa planong ito ay may kaakibat na pagsusumikap at pagtitiis. Kung kayâ, naging kagawian ng kongregasyon ng JMCIM na umasa sa perpektong plano ng Diyos, subalit batid nilang kailangan sabayan din ito ng gawa upang maganap ang kalooban ng Diyos para sa kanilang búhay.

**B. <u>Ang Kalooban bílang Pagpapasya ng mga Kasapi</u>**

Ang pagpapasya ng tao ay maaaring sumaklaw sa gabay o kalooban ng Diyos at maging sa kanyang sariling kagustuhan. Maituturing itong proseso, na siyang humuhubog sa kanyang pinal na pasya hinggil sa kanyang búhay o anumang bagay na kinakailangan ng pagpapasya. Mula sa usapin hinggil sa plano ng Diyos, tumutungo naman ito sa pagpapasya. Ang paggamit ng kalooban, lalo na sa pag-aaral ng mga kasapi ng salita ng Diyos, ay may dalawang ibig pakahulugan; ang kalooban ng tao at kalooban ng Diyos. Ayon sa mga kasapi ng JMCIM, ang pagtupad sa kalooban bílang plano ng Diyos ay tiyak na may mabuting maidudulot kaysa sa pagsunod sa kanilang sariling mga kalooban. Makikita ito sa kanilang pag-aaral ng salita ng Diyos:

Mainam ang plano ng Diyos sa ating búhay. Manampalataya táyo sa kanya, dahil kailanman ang kalooban ng Mahal na Panginoong Hesus ay para sa ating kabutihan at kapakanan. Magsisilbing gabay ang kalooban ng Diyos, subalit nása atin pa rin ang pagpapasya kung susundin natin ito. Kalooban ng Diyos kung ito ay makabubuti sa atin (Blanco, 2020).

Mahihinuha mula rito na ang kalooban ng Diyos ay magsisilbing gabay ng mga kasapi, subalit ang hulíng pasya ay nása kamay pa rin nila. Nananampalataya ang mga kasapi na hangad ng Diyos ay para sa kanilang kabutihan. Ang paniniwalang ito at maging ang kanilang sitwasyon ay siyang magpapabuo ng kanilang kalooban upang magpasya sa anumang bagay na kanilang kahaharapin sa búhay. Madalas maganap ang kalooban bílang pagpapasya sa tuwing ang mga kasapi ay nagbabalak ng magkaroon ng sariling pamilya. Isa sa mga turo sa kanilang kongregasyon ay ang pagsangguni sa plano ng Diyos hinggil sa kanilang magiging kabiyak sa búhay. Kung kayâ, maraming kasapi na sinusunod ang kaloobang ito ng Diyos. Yamang may malayang pagpapasya o free will ang mga kasapi, may mga pagkakataon na hindi nila nasusunod ang kalooban ng kanilang Diyos. Naniniwala sila na ang hindi pagsunod dito ay may kaakibat na kapahamakan at kabiguan. Bunsod nito, nagsisisi ang mga kasapi sa kanilang mga kasalanan at kakulangan bílang mga Kristiyano upang sila ay kahabagan ng kanilang Diyos.

Bagama't limitado ang kakayahan ng tao sa pagsunod sa kalooban ng Diyos, dahil na rin sa sitwasyong kanilang pinanggagalingan, madalas na pinapayuhan ng mga mangangaral ang mga kasapi na ang kalooban ay magiging gabay nila sa kanilang pamumuhay, na siyang magpapalapit sa kanila sa tugatog ng kanilang mga pangarap. Ang tungkulin ng mga kasapi ay magpasya kung sila ba ay papasakop sa kalooban ng Diyos o sila ba ay susunod sa sarili nilang kalooban. Kung kayâ, anuman ang maging resulta nito ay nakadepende na sa kanilang mga gawi at pagpapasya. Halimbawa na lámang nito ang hindi pagbibigay ng ikapu't handog sa Diyos ng ilang kasapi. Ang pagbibigay ng ikapu't handog ay tinuturing ng mga kasapi bílang kalooban ng Diyos. Sa hindi inaasahang pagkakataon, may ilang kasapi ang hindi nakasusunod sa kaloobang ito, sapagkat nauna na nilang gastusin ang nasabing handog sa kanilang mga babayarin sa kuryente, tubig, matrikula, at iba pa. Sa oras na hindi nila nasunod ang kaloobang ito, pinapatotoo nila na sila ay pinapaalalahanan ng kanilang Diyos, gaya ng pagpapaisip sa kanila ng kanilang pagkukulang o pagkakamali. May ilang nagpapatotoo na sila ay naaksidente o nadigrasya sa kanilang pagmamaneho, at sa oras na nangyari iyon, pinapaisip sa kanila ng Diyos ang kanilang pagkukulang hinggil sa hindi nila pagsunod sa kalooban ng Diyos.

Gayunman, sa madalas na pagkakataon, tumimo sa mga kasapi na makipag-ugnay sa Diyos sa gitna ng kahirapan, kagipitan, at suliranin. Kung minsan pa, kahit ito ay labag sa kanilang kalooban, ipinagkakatiwala na lámang nila ang kanilang búhay sa kalooban ng Diyos, sa paniniwalang ang lahat ng mabubuting bagay ay mula sa Diyos; at gayundin, higit sa sinuman, ang kanilang Diyos ang may kakayahan na pagpalain sila.

### C. <u>Ang Kalooban bīlang Pahintulot mula sa Diyos</u>

Ang salitang pahintulot ay tumutukoy sa pagsang-ayon, na tinitingnan bílang kalooban ng Diyos na isakatuparan ang isang bagay. Madalas, ang pahintulot ay nagmumula sa mga maykapangyarihan gaya ni Hesus, na siyang kinikilalang Diyos ng JMCIM.

Mayabong ang pagtalakay sa konsepto ng pahintulot ng mga kasapi, sapagkat para sa kanila, ang Diyos ang siyang may awtoridad upang magpahintulot sa mga bagay na dapat maganap. Sa katunayan, ang kalooban ay madalas iniuugnay ng mga kasapi sa pagpapahintulot ng Diyos, na lantarang makikita sa kanilang mga patotoo:

> Sabi ko sa Mahal na Panginoong Hesus, kung kalooban mo Diyos na mabuhay pa ang aking anak, lalo po kaming magpapakainit sa paglilingkod sa iyo, kung hindi mo man ito pahihintulutan, tatanggapin po namin ito nang buong pusò (Garcia, 2020).

Naniniwala ang kasapi na ang lahat ng kalooban ng Diyos ay nangangahulugang may pahintulot mula sa kanya na maganap ang isang bagay. Kaya kahit labag sa kalooban ng ilan, nananampalataya pa rin sila na kung ito ay kalooban ng Diyos ay ito ang siyang

magaganap. Madalas din na pinapasalamatan nila ang Diyos, kahit pa hindi pinahintulutan ang kanilang mga panalangin, sapagkat batid nilang lahat ng bagay ay hayag sa Diyos. Ilan lámang sa konteksto ng kalooban bílang pahintulot mula sa Diyos ay ang pag-aaral, pagtatrabaho, pagdalo sa service o pananambahan, pagiging manggagawa o mang-aawit, pagpunta sa ibang bansa, at marami pang iba. Habang nagpaplano ang kasapi na magtayo ng negosyo, madalas na ipinapanalangin nila ito upang malaman kung ito ay pahihintulutan ng kanilang Diyos. May mga pagkakataon na ang ilang kasapi ay nawala sa paglilingkod sa Diyos, buhat nang sila ay nagkaroon ng malaking negosyo. Bunsod nito, mas maraming kasapi sa kasalukuyan ang sumasangguni sa kalooban ng Diyos upang humingi ng basbas mula sa kanya, at gayundin ay upang hindi maging dahilan ang negosyong kanilang patatakbuhin sa kanilang paglilingkod sa Diyos. Nagiging matingkad din ang kalooban bílang pahintulot mula sa Diyos sa sandaling nagnanais ang mga kasapi na magtrabaho sa ibang bansa. Kaugnay nito, sila ay nag-aayuno upang pahintulutan ng Diyos ang kanilang panalangin.

Dagdag pa, kapag ibig ng mga kasapi na maging manggagawa sa nasabing kongregasyon, humihingi sila ng pahintulot sa Diyos na sila ay gabayan at tulungan sa pagganap sa tungkuling nabanggit. Ang pinakamatingkad dito ay ang patuloy na pagdalo sa pananambahan, na napakahalaga para sa mga kasapi nito. Pinaniniwalaan nila na isa ito sa mga paraan upang lumago pa ang kanilang pananampalataya; at upang mapanatili rin ang magandang ugnayan sa Diyos. Kung kayâ, sa sandaling nararamdaman nila na hindi sila makadadalo sa susunod na pananambahan, dahil sa kawalan ng pinansiyal o pagkakaroon ng karamdaman, madalas nilang binabanggit ang salitang kalooban upang humingi ng pahintulot sa Diyos at buksan ang posibilidad sa iba't ibang pangyayari, gaya ng paggawa ng Diyos ng paraan upang sila ay makadalo. Ang ganitong paniniwala ay inilalapat ng mga kasapi sa mga bagay o pangyayaring hindi na kayang maarok ng kanilang kaisipan o kakayahan. Kung kayâ, ang pagpapahintulot ng Diyos sa isang bagay ay itinuturing na isang mahalagang kasagutan para sa kanilang mga suliraning kinahaharap.

### D. <u>Ang Kalooban bílang Tanda ng Pananampalataya ng mga Kasapi</u>

Ang pananampalataya ay tumutukoy sa pagpapakahulugan ng kalooban ng Diyos, kung saan ipinamamalas ng mga mananampalataya ang kanilang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay; ang katunayan at katibayan ng mga bagay na hindi nakikita. Sa madaling sabi, ang pananampalataya sa Diyos ay ganap na pagtitiwala sa isang bagay o pangyayari.

Pinaniniwalaan ng mga kasapi na kailangan ng pananampalataya upang sumunod sa Diyos, na itinuturing ding bahagi ng kanyang plano at layunin. Dagdag pa, ang pananampalataya sa Diyos ay nagbibigay-lakas sa kanila sa panahon ng kahirapan. Mayabong ang usapin ng pananampalataya sa kongregasyon ng JMCIM. Sa lahat ng pagkakataon, ang pagtugon sa kalooban ng Diyos ay indikasyon kung gaano kalaki ang pananampalataya ng mga kasapi. Ibig sabihin, ang pagtalima sa kalooban ng Diyos ay iniuugnay nila sa laki o liit ng pananampalatayang mayroon ang mga kasapi. Makikita ito partikular sa kanilang pag-aaral ng salita ng Diyos:

> Masusukat ang inyong pananampalataya sa pagsunod ninyo sa kalooban ng Diyos, kahit na may kahirapan, kahit na hindi ninyo batid ang kahihinatnan. Diyan nalulugod ang Mahal na Panginoong Hesus. Samantala, ang kawalan ng pananampalataya sa kanya ay hindi niya kinalulugdan (Angeles, 2020).

Mapapansin mula rito na sinusukat nila ang pananampalataya ng kasapi sa kung paano ito sumusunod o tumutugon sa kalooban ng Diyos, kahit pa na hindi malinaw para sa kanila ang kahihinatnan nito. Esensiyal ang pagpapamalas ng pananampalataya para sa mga kasapi, sapagkat naniniwala sila na ang ganitong praktis ay katanggap-tanggap sa Diyos. Isa sa mga patotoo na kaugnay naman sa pananampalataya ay ang sumusunod:

> Sabi ko sa Mahal na Panginoong Hesus, kung kalooban mo Diyos na mabuhay ang aking anak, ipagpapasalamat ko po ito, pero kung hindi mo pahihintulutan, hindi ito ang magiging dahilan ng aking pagwalay sa paglilingkod sa iyo. Kahit mahirap, patuloy na nagpupuri at

> nananampalataya ako noong mga oras na 'yaon (De Ocampo, 2020).

Mula sa patotoong ito, makikita na ang paggamit ng salitang kalooban ay nangangahulugang paglagak ng lubos na tiwala sa Diyos at pagsunod sa nais o kagustuhan niya, kahit ito pa ay mahirap gawin o tanggapin. Kung kayâ, ang salitang kalooban sa kongregasyon ng JMCIM ay tinitingnan bílang tanda ng kanilang pananampalataya sa Diyos. Ang paniniwala at pagsunod sa Diyos ay siyang nagtutulak sa mga kasapi na gamitin ang kalooban, na nagpapaganap sa kanilang pananampalataya. Kaugnay nito, pinaniniwalaan ng mga kasapi na magiging matagumpay lámang na mapaglabanan ang mga pangamba at pagkabahala, na tumutukoy sa mga tanong na nangangailangan ng panahon para sa kalutasan ng mga ito, kung may lubos na pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos.

Masusukat din sa mga pagsubok na nararanasan ng mga kasapi ang kanilang pagpapamalas ng tiwala o pananampalataya sa Diyos. Ilan sa pagsubok dito ay ang walang katiyakang kahihinatnan, gaya ng pagtúngo sa ibayong dagat upang mag-aral o magtrabaho. Kung kayâ, may ilan sa kanila ang napaghihinaan ng loob o nawawalan ng pag-asa. Gayunman, tinuruan ang mga kasapi ng kanilang Pastor na manampalataya nang lubos sa Diyos, anuman ang mangyari, upang makamtan ang inaasam-asam na pagpapala, kaligtasan o maging kagalingan. Gayundin, para sa mga kasapi, ang kalooban bílang tanda ng pananampalataya ay lunsaran ng kapangyarihan at kadakilaan ng Diyos. Sa oras na umasa sila sa kaloobang ito, naniniwala ang buong kongregasyon na ang Diyos mismo ang gagawa ng paraan upang maganap ang mga bagay na ipinanalangin ng mga kasapi, kahit ito pa ay imposible sa mata ng tao (Espiritu, 2020).

Malaki ang ibinibigay nilang halaga sa pananampalataya na may kaugnayan sa kanilang pagsusumikap at pagtitiis sa gitna ng kahirapan. Kung kayâ, lahat ng praktis sa nasabing kongregasyon ay may pagdidiin sa pananampalataya sa Diyos, na makikita sa pagsunod o pagtiwala sa kalooban nito, kahit pa na may kahirapan ang mga ito. Bunsod nito, ang manampalataya sa Diyos ay tinitingnan ng mga kasapi bílang tungkulin ng mga tapat na Kristiyano at isang proseso na dapat lahukan ng mga kasapi ng JMCIM.

Samantala, ang pinakamatingkad sa mga nabanggit na praktis ay ang pag-aayuno. Madalas, ang mga kasapi ay nag-aayuno sa loob ng tatlong araw upang maunawaan ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapasaisip sa kanila kung ano ang nararapat na gawin, pagbibigay ng bersikulo na kaugnay sa kanilang pinagdaraanan, at kung minsan pa, pagbibigay ng tanda o solusyon sa pamamagitan ng isang panaginip.

## E. <u>Ang Kalooban bílang Sandigan ng mga Kasapi</u>

Ang sandigan ay tumutukoy rin sa pagpapakahulugan ng kalooban, na siyang pinanghahawakan ng tao upang patuloy na makipagsapalaran sa agos ng búhay. Kaugnay ang sandigan sa pundasyon ng espiritwalidad ng tao, na siyang inuunawa bílang isang sisidlan ng kalakasan at pag-asa na iginagawad ng Diyos sa tao.

Ang mga kasapi ang nagpapahalaga sa kalooban bílang pundasyon ng kanilang pananampalataya. Ang pundasyong tinutukoy dito ay sandigan ng mga kasapi sa mga pangyayaring hindi nila inaasahan. Malaki ang ginagampanan nito sa pagningas ng kalakasan at katatagan ng loob ng mga kasapi. Kaakibat ng sandigan ay ang pagtitiwala sa Diyos sa konteksto ng JMCIM. Ang pagtitiwalang ito sa kalooban ng Diyos ay siyang nagpapalinaw sa kanilang pinagdaraanan sa búhay.

Ilan sa mga konteksto ng kalooban bílang sandigan ng mga kasapi ay ang mga sumusunod: Pagkamatay ng mahal sa búhay, pagkabigo sa pangarap, at pagkalugmok sa malubhang karamdaman. Ang mga ito ay nagpapadalamhati sa mga kasapi. Sa oras na mangyari ito sa kanilang búhay, ang Diyos ang pinanghuhugutan nila ng lakas ng loob upang harapin ang mga hindi inaasahang pangyayaring ito. Isa sa mga halimbawa nito na kaugnay sa kalooban bílang sandigan ng mga kasapi ay ang sumusunod:

> Naging sandigan ko po ang kalooban ng Diyos noong panahon na namatay ang aking kapatid. Masakit pero alam kong may dahilan at layunin ang Diyos kung bakit nangyari ito (Colis, 2020).

Mapapansin sa halimbawang ito na ginamit ang kalooban bílang sandigan ng kasapi sa panahon ng kadalamhatian at kalungkutan. Naniniwala ang mga kasapi na ang Diyos lámang ang magiging matibay na sandigan sa mga pangyayaring hindi inaasahan.

Madalas ding nagiging sandigan ng mga kasapi ang kalooban ng Diyos sa sandaling sila ay nabibigo sa kanilang pangarap. May ilang kasapi na nagpapatotoo na naging kaparaanan ng Diyos ang pagkabigo nila sa búhay upang sila ay manatili sa paglilingkod sa Diyos. Isa sa mga patotoo na kaugnay nito ay ang sumusunod:

> Noong hindi ako nakapasa sa *board exam*, nanlumo po talaga ako. Sabi ko sa sarili ko, wala na akong pag-asa. Sa kabila ng nangyari, ang Mahal na Panginoong Hesus ay siyang naging sandigan ko. Inaliw niya ako hanggang sa naging maayos na ang aking kalagayan. Pinaisip sa akin ng Diyos na naging kalooban niya ito upang mas umasa ako sa kanyang kakayahan (Benitez, 2018).

Makikita rin ang halimbawang ito sa mga patotoong may kinalaman sa kabiguan hinggil sa kursong nais kunin sa kolehiyo. May ilang kasapi na nagsasabi na hindi pinahintulutan ng kanilang Diyos na makuha ang kursong nais nilang tahakin. Sa panahong iyon, pakiramdam nila ay wala na silang mararating sa búhay, na hindi na nila matutupad ang kanilang pangarap. Subalit naniniwala sila na ang Diyos ay siyang naging sandigan nila sa panahon ng kabiguan at kalungkutan. Kinalaunan, pinaisip sa kanila ng Diyos na may layunin pala ang kabiguang iyon at ito ay upang pumili ng ibang kurso, kung saan sila ay mas pagpapalain at makakasunod sa kalooban ng Diyos. Dagdag pa nila, ang kaloobang iyon ng Diyos ay siyang nagsilbing batayan nila upang magkaroon ng lakas ng loob na sumubok muli, mangarap nang walang pangamba, at humarap sa mga pagsubok sa kanilang búhay na kasama ang Diyos.

Gayundin, ang pagkalugmok sa malubhang karamdaman ay siyang nagiging dahilan upang sumandig ang mga kasapi sa kanilang Diyos. Sa panahong sila ay nagkakasakit, ang kanilang tinatawagan ay ang kanilang Diyos, sapagkat naniniwala sila na ang Diyos lámang ang higit na makakapagpagaling sa kanilang mga karamdaman. Isa sa mga patotoong kaugnay dito ay ang sumusunod:

> Noong na-*diagnose* na may kanser sa lapay ang aking ina at nasa *stage 4* na, nanlumo ako. Iniisip ko noong mga panahon na yaon kung paano ko pa maililibot ang aking nanay sa iba't ibang dáko ng daigdig kung wala na siya. Gusto ko pang maranasan ng aking nanay ang maginhawang búhay. Napanghihinaan na ako ng loob, subalit kailanman hindi ako iniwan ng Mahal na Panginoong Hesus. Siya ang naging sandigan ko noong panahong nawawalan na ako ng pag-asa. Batid kong kalooban niyang umasa kami sa kanya (Patotoo 4).

Mapapansin mula sa patotoong ito na ang pagsandig sa kakayahan at kalooban ng Diyos ay siyang nagbibigay ng kalakasan at pag-asa sa mga kasapi sa panahon na sila ay napaghihinaan na ng loob at nagugulumihanan. Ang sandigang ito ay siyang nagtutulak sa kanila upang maging matatag sa búhay, maniwala na may magagawa ang kanilang Diyos; at higit sa sa lahat, umasa sa kanyang pangako at kalooban na may magandang dahilan kung bakit nangyayari ang mga ito.

Mahihinuha mula sa talakayang ito na ang sandigan bílang kalooban ay madalas maganap sa panahon ng kalungkutan at kadalamhatian, gaya ng pagkamatay ng mahal sa búhay, pagkabigo sa pangarap, at pagkalugmok sa malubhang karamdaman. Naniniwala ang mga kasapi na ang mga pangyayaring ito ay siyang nagiging kaparaanan ng Diyos upang lalo silang umasa sa kalooban at kakayahan ng kanilang Diyos. Batid nilang hindi sila papabayaan ng Diyos sa oras na sila ay nahihirapan at nabibigatan sa kanilang mga suliranin. Dagdag pa, ang sandigang ito ay siyang nagbibigay sa kanila ng motibasyon upang maniwala na may magandang layunin ang Diyos sa kanilang búhay. Hindi man nila makita sa kasalukuyan, subalit naniniwala sila na mauunawaan din nila kinalaunan ang dahilan kung bakit pinahintulutan ng Diyos na maganap ang masasaklap na pangyayaring ito. Mababanaag din sa talakayan na ang kalooban bílang sandigan ay naging instrumento ng mga kasapi upang mas tumatatag pa ang kanilang pananampalataya at ugnayan sa kanilang Diyos.

Sa kabuoan, pinakita ng talakayang ito na ginagamit ang kalooban bílang plano ng Diyos, pagpapasya ng mga kasapi, pahintulot mula sa Diyos, tanda ng pananampalataya at sandigan ng mga kasapi; upang ilarawan ang natatanging kalikasan hinggil sa ugnayan ng Diyos at mga kasapi. Mula sa pagdidiskurso hinggil sa konsepto ng kalooban, titingkad ang kagawian ng JMCIM bílang isang kongregasyon.

| Pagpapakahulugan sa Kalooban | Ibinabahagi o Ipinapahayag sa Kalooban |
|---|---|
| Plano ng Diyos | Ang salitang kalooban ay tinitingnan bílang plano at kagustuhan ng Diyos. Naniniwala ang mga kasapi na perpekto at makabubuti ang mga plano ng Diyos sa kanilang mga . |
| Pagpapasya ng mga kasapi | Ang kalooban bílang pagpapasya ng mga kasapi ay tumutúngo sa tungkuling dapat nilang isakatuparan hinggil sa kanilang paniniwala sa kalooban ng Diyos. |
| Pahintulot mula sa Diyos | Ang pahintulot mula sa Diyos ay iniuugnay sa kalooban. Naniniwala ang mga kasapi na kung pahihintulutan ng Diyos na maganap ang isang bagay, walang anuman o sinuman ang makakahadlang dito. |
| Tanda ng pananampalataya ng mga kasapi | Ang kalooban ay inuunawa bílang pananampalataya na may kaugnayan sa kanilang pagsusumikap at pagtitiis sa gitna ng kahirapan. Kung kayâ, lahat ng praktis sa nasabing kongregasyon ay may pagdidiin sa pananampalataya sa Diyos. |
| Sandigan ng mga kasapi | Ang sandigan bílang kalooban ay madalas maganap sa panahon ng kalungkutan at kadalamhatian, gaya ng pagkamatay ng mahal sa búhay, pagkabigo sa pangarap, at pagkalugmok sa malubhang karamdaman. Ang kalooban ng Diyos ay magsisilbing pundasyon ng mga kasapi upang maging matatag sa hámon ng búhay. |

**Talahanayan 1** - Pagsusuri ng mga Pagpapakahulugan hinggil sa Kalooban

## KONGKLUSYON

Natalakay sa pananaliksik ang iba't ibang pagpapakahulugan hinggil sa konsepto ng kalooban, isa na rito ang kalooban bílang pakikipag-ugnay sa Diyos, na mayabong sa lente ng espiritwalidad at relihiyon ng mga Pilipino. Mula sa pagpapakahulugan nito ng kalooban, tumúngo ito sa paglahad hinggil sa kasaysayan, doktrina, kinagawian, at mga patotoo ng mga kasapi ng JMCIM. Kadalasan, konektado sa kanilang pakikipagrelasyon sa Diyos ang manipestasyon ng kalooban. Makikita sa mga awitin at patotoo ng nasabing kongregasyon kung paano pinapahalagahan ng mga kasapi ang konsepto ng kalooban bílang isang kautusan mula sa Diyos. Lumilitaw na ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay maituturing na priyoridad o tungkulin ng mga kasapi. Kung kayâ, laganap ang pagdidiskurso hinggil sa konsepto ng kalooban mula sa kanilang mga awitin, patotoo, pag-aaral ng salita ng Diyos, at maging sa kanilang pakikipag-usap sa bawat isa.

Gámit ang balangkas ng loob ni Alejo at mula sa pagsusuri ng mga pagpapakahulugan hinggil sa konsepto ng kalooban at sa kongregasyon ng JMCIM, lumitaw na nagkaroon ng *Christianized* na kalooban dahil sa paraan ng paggamit ng mga kasapi nito sa nasabing konsepto bílang plano ng

Diyos, pagpapasya ng mga kasapi, pahintulot mula sa Diyos, tanda ng pananampalataya, at sandigan ng mga kasapi. Sa ganitong tulak, mababanaag na malaki ang ginagampanan ng isang partikular na konteksto tulad ng JMCIM sa pagpapatingkad at pagpapalawig pa ng partikularidad at kalikasan hinggil sa konsepto ng kalooban, na tinitingnan bílang nakaangkla sa kultural na oryentasyon at relihiyosidad ng mga Pilipino.

## REKOMENDASYON

Sinikap sa pananaliksik na ito na makita ang kabuoang paglalarawan hinggil sa konsepto ng kalooban sa konteksto ng JMCIM gámit ang kanilang mga awitin, patotoo, at pag-aaral ng salita ng Diyos. Sa mga susunod na pananaliksik na may kinalaman din sa pagsusuri ng kalooban, mainam kung tutuunan nang masinsinan kung paano isinasalin ng mga kasapi ang konsepto ng kalooban sa kanilang mga awitin, patotoo, at pag-aaral ng salita ng Diyos patungo sa iba pang mga katutubong wika, yamang ang JMCIM ay may mga grupong pangkomunidad sa iba't ibang panig ng bansa. Ang pananaliksik na ito ay makapagpapatibay at mapagpapayaman sa kalikasan at katangian ng wikang Filipino, na nakasalig sa mga katutubong salitang umiiral sa iba't ibang etnolingguwistikong grupo sa Pilipinas.

Mainam ding suriin kung papaano tinitingnan at prinoproseso ang pagdiskurso ukol sa konsepto ng kalooban sa iba pang grupo ng relihiyon sa bansa. Ang pagtuon ng pansin sa kasaysayan ng iba't ibang relihiyon, kung saan laganap din ang paggamit sa kalooban, ay magandang hakbang sa pagpapalawig ng naturang konsepto, na tinitingnang nakabatay sa katutubong kultura ng Pilipinas. Mula rito, mainam na suriin kung paano nahuhubog ng kanilang mga espiritwal na gawain ang pagpapakahulugan hinggil sa konsepto ng kalooban. Dagdag na rin, magandang tukuyin kung paano at saan nagsimula ang pag-uugnay ng kalooban sa usapin ng espiritwalidad mula sa lente ng kulturang Pilipino upang mapalinang nang lubusan ang partikularidad ng konsepto ng kalooban na bahagi ng wikang pambansa. ◆

## MGA SINIPING AKDA


Almario, Virgilio. UP Diksiyonaryong Filipino. Sentro ng Wikang Filipino–Diliman; Anvil Publishing, 2010. Limbag.

Almario, Virgilio at el. Vocabulario de la lengua tagala. Komisyon ng Wikang Filipino. National Government Publication, 2013. Limbag.

Atwell, John. Ends and principles in Kant's moral thought. Dordrecht: Martinus Nijhoff Publishers, 1986. Limbag.

Agaton, Sheldon. Vantage Points of Utang na Loob. Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy, 2017. Limbag.

Agcaoili, Aurelio. Contemporary English-Ilokano dictionary. Quezon City, Philippines; Honolulu, Hawaii: Undertow Books, 2011. Limbag.

Alejo, Albert. Tao Po! Tuloy!: Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao. Quezon City: Ateneo de Manila University Office of Research and Publications, 1990. Limbag.

Baldo, Jezzebelle. "Utang na Loob: The Ilonggo Perspective." University of the Philippines Visayas. Undergraduate Thesis, 2011. Web.

Bowman, Robert. "Oneness Pentecostals and the Name of Jesus."Atlanta Christian. Apologetics North American Mission Board, 1994. Web.

Bueno, Christopher. A Phenomenology on the Ilocano Notion of "Naimbag A Nakem" in The Context of Cultural Reciprocity of the Amianan. University of Northern Philippines Education to Cultural Diversity and Linguistic Democracy, 2010. Limbag.

Capaque, George. Pagbubukas-Loob: A Filipino Evangelical Theology of Spirituality. De La Salle University: Animo Repository, 2007. Limbag.

Covar, Prospero. Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture. Manila: Sampaguita Press, 1998. Limbag.

De Leon, Isabel. Prayers work- Erap asks JMC to pray for troops. Tempo: News in a Flash. The Nation's Fastest Growing Newspaper, 2000. Limbag.

De Mesa, Jose. In Solidarity with the Culture: Studies in theological re-rooting. Maryhill School of Theology. De La Salle University, Manila, Philippines, 1987. Limbag.

Enriquez, Virgilio. From Colonial to Liberation Psychology. Quezon City: University of The Philippines Press, 1992. Limbag.

Goh, Robbie. Christianity in Southeast Asia. Institute of Southeast Asian Studies, 2005. Limbag.

Institute of National Language. A National Language-English Vocabulary. Manila, Philippines, 1950. Limbag.

Landa, Jocano. Filipino Social Organization: Traditional Kinship and Family Organization. Punlad Research House, 1998. Limbag.

JMCIM.org. Soul Winning Ministry, (n.d.) https://www.facebook.com/ JMCIM SoulWinning Ministry

Kant, Immanuel. Fundamental principles of the metaphysic of morals. New York: Prometheus Books, 1987. Web.

King, Johnny. "Spirit and Schism: A History of Oneness Pentecostalism in the Philippines." University of Birmingham, UK: PhD Thesis. (2016): pp. 204–211. https://etheses.bham.ac.uk/id/eprint/7206/1/King17PhD.pdf

Lanaria, Lara. Kapwa in Pamilya rooted in Loob of Divine Image: Thoughts from a Filipino Catholic Theologian. University of San Carlos, Philippines. Faith and Culture; 2014. DOI: 10.5339/rels.2014.family.14

Loquias, Victor. "Diyos Mabalos!" and the Speech-Act of Gratitude among Bikolanos. Ateneo de Naga University. Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy Vol. 5, pp. 85-106; 2019. Limbag.

Mabaquiao, Napoleon. "Ang Mabuting Kalooban at ang Sukdulang Prinsipyo ng Etika: Mula sa Pananaw ni Immanuel Kant." Pamantasang De La Salle-Maynila. (2006)17(1): 25-3. Web.

Matienzo, Rhochie. Ang pagkilos ng Pananampalataya at Utang na Loob; Si Hornedo sa Etnograpiya ng Popular na Paniniwala. Filipino Philosophy and Culture, 2017. Web. https://www.kritike.org/journal/issue

Mercado, Leonardo. Reflections on Buut-Loob-Nakem. Ateneo de Manila University. Philippine Studies. Fourth Quarter. Vol. 20 (№ 4). (1972). pp. 577-601. https://www.jstor.org/stable/42634841?seq=1

Melton, Gordon. Pentecostalism. Encyclopedia Britannica, Inc, 2020. Web. https://www.britannica.com/topic/Pentecostalism

Miller, Emily. Acts of faith: What's an Apostolic Christian and why is Kim Davis's hair so long. Religion News Service, 2015. https://www.washingtonpost.com/news/acts-of-faith/wp/2015/09/30/whats-an-apostolic-christian-and-why-is-kim-daviss-hair-so-long/

Miranda, De Mesa. Loob--The Filipino Within: A Preliminary Investigation Into a Pre-Theological Moral Anthropology. Manila: Divine Word Publications, 1989. Web. https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/landas/article/view/1255

Patterson, Eric. The Future of Pentecostalism in the United States. New York: Lexington Books. pp. 123-4, 2007. Limbag.

Paton, Herbert. The categorical imperative: A Study in Kant's moral principle. Chicago: The University of Chicago Press, 1948. Limbag.

Ramos, Christine. Filipino Concept of "Loob." Arts, Social Sciences, Humanities and Interdisciplinary Studies. Manila, 2017. Web. http://uruae.org/ siteadmin/upload/UH1217422.pdf

Rebustillo, Rowan. A New Look at Intersubjectivity and Theology: A Retrieval of Filipino Loob-Kapwa Relationality in Dialogue Gabriel Marcel and Ludwig Binswanger. An International Journal of Philosophy and Religion, 2017. Limbag.

Reyes, Jeremiah. “Loób and Kapwa: Thomas Aquinas and a Filipino Virtue Ethics.” KU Leuven Humanities and Social Sciences Group Institute of Philosophy Dissertation, 2015. Limbag.

Severino, Rodolfo at el. Whither the Philippines in the 21st Century. Institute of Southeast Asian Studies. p. 110, 2017. Limbag.

Smith, Sam. Miracles in Moroland. A Journey of Faith, Love and Courage: The Inside Story of the Sipadan Hostage Crisis. Jesus Miracle Crusade International Ministry. Rianella Printing Press, 2015. Limbag.

Tayag, Nick. Kalooban: The Filipino’s inner. Business Mirror: Our Time, 2010. Web. https://businessmirror.com.ph/2020/07/25/kalooban-the-filipinos-inner-core/

Wheeler, Bert. Radical Individualism. Bereans at the Gate. Cedarville University, 2017. Web. https://bereansatthegate.com/radical-individualism/

Willhoite, Johnny. Reaching Hands: Pentecostals in Action. Philippines: self, 1993. Web. https://etheses.bham.ac.uk/id/eprint/7206/1/King17PhD.pdf

Yabut, Homer. Isang paglilinaw sa mga paniniwala at pagpapakahulugan sa espiritwalidad at relihiyon ng mga Pilipino. Diwa E- Journal, 2013. Limbag.

Si MARVIN RAEL TENECIO ay kasalukuyang kumukuha ng master’s degree sa Asian Studies sa Asian Center, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtapos siya ng magna cum laude sa nasabing unibersidad sa kursong BA Philippine Studies. Ilan sa kanyang mga interes ay ang pagsulat ng mga akdang pampanitikan at mga artikulong tumatalakay sa mga isyung panlipunan, intelektwalisasyon ng wika, at maging sa pilosopiya ng realidad. Siya ay aktibo sa pakikilahok sa mga organisasyon o presentasyong may kaugnayan sa pambansang wika, panunuring pampanitikan, konseptong kultural, relihiyon, at araling Asyano. Siya ay nagwagi ng overall best presentation sa 10th International Conference on Social Sciences 2023, Thailand at naging shortlisted para sa best research awards sa APCORE 2023 Hybrid International Conference, Indonesia. Bukod dito, tatlong taon na siyang nagtuturo ng Humanities, Filipino at Philippine Literature sa OB Montessori Center.